

Noli Me Tangere: Komparatibong Analisis

Rowena C. Largo, Ed.D

Cebu Normal University

ABSTRACT : The epic screen adaption of Jose P. Rizal's novel Noli Me Tangere (Touch Me Not) is a literary work, and this serve as instrument in stirring Filipino thoughts, creating unified Filipino identity, consciousness and a great help and hope that freedom can be attained in a peaceful way during the Spanish colonial era. The purpose of this study is to analyze the way it was presented in the novel and in the movie. Using Qualitative Research Method is to evaluate the content (Content Analysis). The result of the study shows that the novel and the movie gave importance and relevance in analyzing and criticizing literary works.

KEYWORDS : *character, dialogue, emotion, end, introduction, plot*

I. INTRODUKSYON

“ Ang panitikan ay isang behikulo sa pagsulong ng isang bansa. Ito’y daan upang ang kabihasan ay umunlad at magbunga ng mga mabubuting supling. Ang bawat tibok ng puso, ang bawat pulso ng buhay ay parang hibla upang tayo sa ating sariling kakayahan malaki man o munti ay makapagbigay ng ating ambag sa pagpapabuti ng buhay.” (Carpio: 1991). Pinatunayan lamang ni Carpio na ang panitikan ay susi sa pag- usbong at pag- unlad ng isang bansa.

Ayon pa rin kay Gonzales (1982) ang panitikan ay nagpapahayag sa paraang nagpaparanas sa bumabasang kaisipan at damdamin ng manunulat at sa paraang abot- kaya ng mangangatha o manunulat na nagsasaad na ito’y nagbibigay pagkakataon na maunawaan at maranasan ng mga mambabasa ang mga pagbabagong nagaganap sa bawat panahon. Idinagdag pa nito na itinatampok ang buhay, kaugalian, mga karanasan at ang kalagayan ng lipunan sa kinauukulang panahon. Salamin ito ng panahon ng kaligayahan, ng kalungkutan, ng pakikibaka, ng pagbabago, ng pagkakasundo at ng pag-unlad. Sa kabuuan ito ay naglalarawan ng sangkatauhan.

Samakatuwid sa pamamagitan ng panitikan na nabuo ang pagkalahi ng bawat bansa, nagingning ang bayan, nakilala ang kultura ng bawat nasyon, nagliwanag tulad ng araw na tinunton at tiniyak ang katalinuhan, katapangan, kagitingan, kabayanihan at kalayaan. Sabi nga ni Arrogante (1991) na ang panitikan ay nagsasalamin sa tangi na sarili, pagkatao, pagkalahi at pagkabansa. Dagdag pa ni Arrogante na ang panitikan ay talaan ng buhay sapagkat dito nailalahad ng tao ang kanyang kaisipan at damdamin at nailarawan nang tapat, tunay at totoo ang takbo ng pangyayari na nagaganap sa panahon ng kanyang pag-unlad mula nang siya ay binhiin, sumilang, magmusmos, mamulat, magkaisip, matuto, gumulang at mamatay. Napangatwiran ang kanyang karanasan gaya ng pagkatakot, pagkabigo, pagtatagumpay, pakikiayon, pagsusuwail, pag-iisa, nabibigyan ng katuturan ang kanyang sariling kahalagahan ayon na rin sa sarili niyang teoriya at tradisyon ng lipunang kanyang ginagalawan. Dahil dito malaki ang naiambag ng panitikan sa kultura ng alinmang bansa.

Ang nobelang Noli MeTangere ay isang halimbawa ng akdang pampanitikan na humubog at nagbigay sa kamalayang Pilipino at kasaysayan ng Pilipinas. Ang pagkalikha ng Noli Me Tangere sa pagbasa ni Rizal sa Uncle Tom’s Cabin ni Harriet Beacher Stowe na pumapaksa sa kasaysayan ng mga aliping Negro sa kamay ng mga panginoong puting Amerikano, na naglalarawan ng mga kalupitan at pag-aabuso ng mga Puti sa mga Itim, kaya ito ang nag-udyok sa kanya na sumulat. Inihambing niya ito sa kapalarang sinapit ng mga Pilipino sa kamay ng mga kastila.

Sa aklat ni Buensuceso at Pe (1987) nabanggit na sa pagsulat ni Rizal sa kanyang nobela ay ninais niya na ang bawat bahagi ay ipasulat sa ilan niyang mga kababayan na nakababatid sa uri ng lipunan mayroon ang Pilipinas ngunit hindi ito nagkaroon ng katuparan kaya sa harap ng kabiguang ito, sinarili na lamang ni Rizal ang pagsulat ng walang katulong. Ipinaliwanag ni Rizal sa kanyang liham, sa matalik niyang kaibigang si Dr. Ferdinand Blumentritt ang kadahilanan ng pagsulat ng akdang Noli Me Tangere. Ang pamagat na Noli Me Tangere ay salitang Latin na ang ibig sabihin ay “ Huwag Mo Akong Salingin” hango ito sa Ebanghelyo ni San Lucas na inihambing niya sa isang bulok na lipunan na nagpapahirap sa buhay ng mga tao. Sa bandang ito,

malaki ang impluwensya ng kasaysayan sa pagsulat ng Noli Me Tangere sapagkat ito ay nagpapatunay lamang na may ugnayan ang kasaysayan at panitikan.

Upang mabigyang kabuluhan ang nobelang Noli me Tangere ay ipinatupad ang pagpapalaganap ng pagtuturong pampanitikan sa mga mag-aaral. Ang bagong kurikulum ng Department of Education, ang K to 12 Kurikulum ay nag-aatas sa pagtuturo ng akdang pampanitikan lalo na ang nobelang Noli Me Tangere sa ikatlong taon sa sekundarya upang ikintal sa isipan at puso ang diwa ng nasyonalismo sa mga kabataan na kapupulutan ng mga aral buhat sa pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal.

Datapwat hindi madaling ituro ang nobela batay na rin sa naging karanasan ng mananaliksik nang ito ay nagtuturo pa sa sekundarya. Dahil na rin sa labis na mahaba ang nobela, nangangailangan nang labis na pasensiya at pag-uunawa, lubhang mahirap intindihin ang mga pananalitang ginamit ng mga tauhan, maraming mga tauhan na kinakailangang pagtuunan ng atensyon gayundin ang ugnayan ng bawat tauhan na may kanya-kanyang karakter na binibigyan- diin o impresyon. Higit sa lahat ang kakulangan ng instruksiyunal materyal na gagamitin sa pagtuturo, kawalan ng interes ng mga mag-aaral, at kakulangan sa pag-unawa sa binasa at walang gaanong kaaalaman sa kasaysayan ng bansang Pilipinas at sa buhay ng may- akda.

Sa pelikula naman ay kinakailangang maging labis na mapagmasid sa pinonood upang mabatid kung paano nagsimula ang mga pangyayari, ugnayan ng mga pangyayari at maayos na pagsasabuhay o paglalarawan ng mga tauhan sa ginagampanang papel, malinaw at madaling maunawaan ang mga pananalitang ginamit at kung paano nagwakas ang isang pelikula.

Hindi madaling iugnay ang akdang nobela dahil na rin sa nangangailangan na ilapat ang damdamin at buhay kasabay nito ay paglalapat ng realidad ng imahinasyon tungo sa realidad ng isabubuhay sa reyalidad ng mundo patungo sa pelikula. Kailangan na maipadama sa mga mambabasa at manonood ang damdaming nangingibabaw sa mga tauhan at maipasok ang karanasan ng karakter sa mga mambabasa at manonood sa gayun ay maipasok ang pag-unawang emosyonal patungo sa karanasan ng kanyang realidad, sensibilidad, buhay na magdadala ng diwang katinuan at kamalayan hinggil sa katotohanan ng buhay.

Layunin

Layunin ng pag-aaral ang analisis sa pamaraan ng pagkalahad ng Noli Me Tangere bilang nobela at pelikula upang makita ang kahalagahan at kabuluhan nito. Tiniyak sa pag-aaral ang kasagutan sa sumusunod na elemento:

ang paraan ng pagkalahad ng akda bilang nobela at pelikula batay sa: simula; pagsulong ng mga pangyayari; pananalitang ginamit; paglalarawan sa mga tauhan; pagpapalutang ng emosyon; at wakas at ang pagkakaiba ng nobela at pelikula batay sa paraan ng pagkalahad ng anim na elemento .

Metodolohiya

Ginamit ang “ Qualitative Research Method” sa anyo ng pagsusuri sa nilalaman (Content Analysis) bilang paraan sa pagsisiyasat sa akdang Noli Me Tangere bilang nobela at pelikula batay sa anim na elemento. Content analisis ang ginamit dahil sinuri din at binibigyang pakahulugan ang nilalaman ng nobela at pelikula mula simula hanggang wakas nang sa gayun ay matukoy ang pagkakaiba ng mga ito. Ang analisis ay nakasentro sa pagsusuri sa Noli Me Tangere bilang nobela at pelikula ayon sa paraan ng paglalahad ng simula, pagsulong ng mga pangyayari, uri ng pananalitang ginamit, paglalarawan sa mga tauhan, pagpapalutang ng emosyon at wakas. Hindi sinama ang sinematograpiya, direksyon at produksyon sapagkat lalabas na ito sa interpretasyon dahil dito makikita ang pagkakaiba ng nobela sa pelikula.

Pagtatalakay

Ang mga datos ay kaugnay sa paraan ng paglalahad ng akdang Noli Me Tangere bilang nobela at pelikula ayon sa anim na elemento.

Ang Paraan ng Paglalahad ng Akda Bilang Nobela at Pelikula

Ang paraan ng paglalahad ng akda bilang nobela at pelikula. Isinagawa ang paglalahad ng datos sa pamamagitan ng pagsusuri ng sumusunod: Simula o Panimula na pangunahing bahagi o introduksyon sa paglalahad na maaaring naglalarawan sa tauhan, sa suliranin o kaya ay tagpuan; Ang pagsulong ng pangyayari na tumutukoy sa mga magkakaugnay na pangyayaring lumilikha ng tunggalian pisikal o sikolohikal na ang pangunahing layunin ay lumikha ng isang kaisahan; ang pananalitang ginamit naman ay maaring pormal o impormal; paglalarawan ng mga tauhan na maaaring tahasan o di- tahasan; pagpapalutang ng emosyon na maaaring galit, tuwa, poot, saya, pananabik at iba pa; at wakas na kikintal sa isipan o kaya titimo sa damdamin ng mambabasa o manonood.

Talahanayan 1. Ang Paraan ng Paglalahad ng Akda Bilang Nobela at Pelikula Batay sa Anim na Elemento

Paraan ng Paglalahad		
Mga Elemento	Nobela	Pelikula

<p>1. Panimula</p> <p>(Ilan sa mga mahahalagang pangyayari ay ang mga sumusunod:)</p> <p>Kumalat ang balita tungkol sa paghahanda ng isang hapunan sa tahanan ni Don Santiago de los Santos na nakilala sa tawag na KapitanTiago, mga huling araw ng Oktubre.</p> <p>Ang tahanan ni Kapitan Tiago ay nasa daang Arluage na karatig ng Ilog Binondok na isa sa mga sangay ilog Pasig. Malaki bagamat may kababaan at di maayos ang pagkakagawa dahil marahil sa kamalian ng arkitektong nagtayo o dahil sa nagdaang mga lindol o bagyo. Maliwanag na maliwanag ang tahanan ng gabing yaon. Maririnig ang kalansing ng mga pingan at kubyertos, halakhakan ng mga panauhin at tugtog ng orkestra.</p> <p>Sa isang pangkat makikita ang kadeteng nagtatawanan, dalawang dayuhan na nasa isang panig na palakad- lakad at walang kibo samantalang ang pangkat na pinakamaingay ay kinabibilangan ng isang pransiskano, isang dominiko, isang military at dalawang nakapaisanong nakapaligid sa mesa at nag-uusap. Ilan pang sandali ay nanumbalik na ang katiwasayan at lalo pang dumami ang mga panauhin. Maya- maya ay may dalawang taong pumasok sa bulwagan.</p> <p>2. Pagsulong ng Pangyayari</p> <p>Ilan sa mahahalagang pangyayari sa bahaging ito ay ang mga sumusunod:</p> <p>Hiwalay ang pangkat ng mga babae sa mga lalake. Ang may pinakamaingay na pangkat ay ang pangkat nina Padre Damaso, Padre Sibyla, Tinyente, Ginoong Laruja at isang nakapaisano na may matangos na ilong. Sila ay nag-uusap. Ilang sandali pa ay may dalawang tao ang pumasok</p>	<p>Deskriptibo o paglalarawan ang ginamit sa paglalahad ng simula. Sa tulong ng mga malarawan mga salita tulad ng <i>maliwanag na maliwanag ang tahanan, kalansing ng pinggan, halakhakan, tugtog ng orkestra, palakad- lakad</i>, lumilikha sa imahinasyon ng mambabasa ang larawan ng mga bagay at tauhang ikinukwento at inilalarawan ng may- akda.</p> <p>Palarawan at pasalaysay ang paglalahad ng mga pangyayari. Ginawa ito sa tulong ng mga malarawan at matayutay na mga salita, tulad na lamang ang pariralang <i>hiwalay ang mga babae sa mga lalaki</i>. Lilikha sa imahinasyon ng mambabasa ang pagkakaiba ng pangkat ng mga babae sa salitang hiwalay</p> <p>Palarawan o deskriptibo pa rin ang paglalahad sa tulong ng malarawan na mga salita at parirala tulad ng <i>luksang- luksa si</i></p>	<p>Malinaw na malinaw na makikita ang ginawang paglalarawan ng may- akda sa tulong ng magandang iskrip, mlinaw na tunog at kagamitang biswal. Kitang- kita ng manonood ng pelikula <i>ang maliwanag na maliwanag na tahanan ni Don Santiago at ang palakad- lakad na mga panauhin. Dinig na dinig din ang kalansing ng mga pinggan at kubyertos at ang tugtog ng orkestra at ang mga tawanan ng mga tao, makulay na pananamit ng mga panauhin at ang palibot ng tahanan.</i></p> <p>Ang usapan, kilos, tunog, anyo ng mga tauhan, bagay at paligid ay malinaw na mauunawaan at nakikita ng manonood dahil sa inilalahad ito sa tulong ng awdyo at biswal na kagamitan. <i>Kitang- kita ang akting ng mga tauhan at mga kaganapan , tulad ng pagkakahiwalay ng mga babae sa lalake:</i> Ginamitan ng mga kagamitang biswal at sound effects sa pagbunyag ng sitwasyon o mga pangyayari.</p> <p><i>Ang pananamit ni Ibarra ay kitang- kita at ang reaksyon ng mga tauhan nang pumasok si</i></p>
---	---	--

sa bulwagan.

Si Crisostomo Ibarra na luksang- luksa at si Kapitan Tiyago, ang pumasok sa bulwagan. Ang Tinyente ay di makapaniwala sa kanyang nakita, si Padre Damaso ay putlang-putla na waring di makakilos sa kanyang kinaroroonan samantalang si Padre Sibyla ay nag-alis pa ng kanyang salamin upang mapagmasdan nang mabuti ang binata. Ipinakilala ni Kapitan Tiyago sa mga panauhin si Crisostomo Ibarra, magalang naman na bumati ang binata.

Isang masamang tingin ang ipinukol ni Padre Damaso sa Tinyente, matapos ay naiwang nag- iisa si Crisostomo Ibarra sa bulwagan kaya ang kanyang ginawa ay nagpakilala siya sa iba pang panauhin at nagpakilala naman ang mga ito sa kanya.

Sa pag- alis ni Ibarra sa gabing yaon ay wala siyang tiyak na patutunguhanan matapos lisanin ang tahanan ni Kapitan Tiyago. Sa kanyang paglalakad ay naisip niya na isang panaginip lamang ang pitong taon na pamamalagi niya sa ibang bansa dahil sa wala pa ring pagbabagong naganap sa kanyang bayan. Sa kanyang pagdidili- dili ay may marahang dantay ng kamay sa kanyang balikat. Nang kanyang lingunin ay ang matandang tinyente na nakangiti sa kanya. “ Binata, kaingat kayo, matuto kayo sa karanasan ng inyong ama.” wika ng Guevarra. Isinalasay rin nito ang nangyari kay Don Rafael Ibarra bago ito mamatay. Matapos mabatid ni Ibarra ay nagkahiwalay na ang dalawa.

Ang libingan ng San Diego ay matatagpuan sa halos kalagitnaan ng malawak na palayan at nababakuran ng lumang pader at kawayan. Isang makipot nadaan ang patungo rito. Maalikabok kung tag-araw at maputik naman kung tag- ulan. May malaking

Ibarra nang pumasok sila ni Kapitan Tiago sa bulwagan, ang tinyente ay di makapaniwala samantalng si Padre Damaso ay hindi makakilos.

Deskriptibo ang paglalarawan ng may akda sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang gaya ng *masamang tingin ang ipinukol ni Padre Damaso kay Ibarra.*

Ang paraan ng paglalahad ng pangyayari ay deskriptibo sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng may-akda sa mga salitang *nilisan ni Ibarra ang tahahan ni Kapitan Tiago at ang pag- uusap nilang dalawa ni Tinyente.*

Palarawan ang paglalahad ng may- akda *sa libingan ng San Diego* sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang naglalarawan tulad ng *ng malawak na palayan at nababakuran ng lumang pader at kawayan. Isang makipot nadaan ang patungo rito. Maalikabok kung tag-araw at maputik naman kung tag- ulan. May malaking krus ang natuntong sa bato na may titik na INRI.*

Palarawan ang pagkalahad ng may-akda sa paglalarawan kay *Don Anastacio at isinalasalaysay rin ang pakikitungo ng mga tao sa kanya gaya ng sa mga taong*

Ibarra kasama si Kapitan Tiago, ang di pagkilos at pamumutla ni Padre Damaso ay malinaw na masasaksihan sa tulong ng biswal at awdyo na nakikita sa pangyayari.

Ang kilos o galaw ng mga tauhan ay malinaw na nakikita gaya ng *masamang tingin na ipinukol ni Padre Damaso kay Ibarra* ay kitang kita sa tulong ng kagamitang biswal.

Ang kilos at usapan ni Ibarra ay malinaw na ipinakita at maririnig sa tulong ng biswal at sound effects.

Ang paglalarawan sa **libingan ng San Diego** ay malinaw na malinaw na ipinakita sa tulong ng larawang biswal tulad ng *malawak na palayan na nababakuran ng lumang pader at kawayan na may makipot na krus at maalikabok na daan kapag tag- araw.*

Sa pamamagitan ng *kilos, pananamit at galaw ng mga tao at kitang- kita ang paraan ng pakikitungo ng mga tao kay Don Anastacio* sa tulong ng kagamitang biswal at sound

krus ang natuntong sa bato na may titik na INRI. Isang karwahe sa tapat ng libingan ang huminto. Bumaba si Ibarra at ang matandang utusan. Biglang sinunggaban ni Ibarra at niyugyog sa bisig ang tagapaglibing.

Naglalakad sa lansangan ang tila walang patutugungang lalaki sa lansangan. Don Anastacio o ang Pilosopo sa mga taong may pinag- aralan at Tasyo ang baliw sa mga karaniwang tao. Sa kanyang paglalakad nakarating siya sa simbahan at nakita ang dalawang batang lalaki.

Ang mga bata ay walang iba kundi ang magkapatid na Basilio at Crispin. Sila ay nakaupo sa biyak na kahoy sa ikalawang panig ng kampanaryo na kakikitaan ng kahirapan sapagkat ang suot na damit ay pulos sulsi at tagpi. Nagsikap na makauwi si Basilio kaya ginamit niya ang tali ng kampana at itinali sa pader at saka nagpadulas sa ilalim ng liwanag ng buwan. Ikapito nang umaga, matapos ang sermon ni Padre Salvi na inaalay sa mga kaluluwa. Napansin ng mga manang at manong ang kawalan ng sigla ng pari at ito ay sinisisi nila sa magkapatid na Basilio at Crispin, ang mga nagdurusang anghel. Samantalang si Sisa ay nagtungo sa simbahan na may dalang sari- saring gulay, prutas at bulaklak.

Sa tribunal naman ay nagkaroon nang pagpupulong. Naroroon si Don Filipino, Kapitan Basilio na kalaban ni Don Rafael Ibarra. Pinag-usapan din nila ang salapi na gugugulin sa maringal na pista, para sa halaga ng paputok. Nagkagulo sa loob ng tribunal dahil sa mahigpit na pagtutol ng conservador at ng isang batang kabesa ang nagsalita. May nagmungkahi na ang perang gagamitin sa paputok ay igugol na lamang sa mga pag-aaral ng mga batang magagaling ngunit may magsalita na iba raw ang nais ng kura, ang nais ay may

may pinag- aralan at Tasyo ang baliw sa mga karaniwang tao. Sa kanyang paglalakad nakarating siya sa simbahan at nakita ang dalawang batang lalaki.

Inilalarawan ng may akda sa deskriptibong pamamaraan ang paglalarawan sa mga bata tulad ng *ang magkapatid na Basilio at Crispin. Sila ay nakaupo sa biyak na kahoy sa ikalawang panig ng kampanaryo na kakikitaan ng kahirapan sapagkat ang suot na damit ay pulos sulsi at tagpi.*

Palarawan ang pagkakalahad ng may-ada sa usapan sa tribunal na siyang kikintal sa isipan ng mambabasa gaya ng *pinag-usapan nila ang salapi na gugugulin sa maringal na pista, para sa halaga ng paputok. Nagkagulo sa loob ng tribunal dahil sa mahigpit na pagtutol ng conservador at ng isang batang kabesa ang nagsalita.*

Isinalaysay mg may- akda sa deskriptibong pamamaraan ang ikinikilos ni *Sisa tulad ng lakad takbo ang kanyang ginawa. Hindi niya lubos maisip kung bakit sa kanila nangyari ang mapait na kasawian. Hindi niya alam ang gagawin kung papaano ililigtas ang kanyang anak.*

Deskriptibo ang paglalarawan ng may- akda na ginagamitan ng mga salita, tulad

effects.

Sa tulong ng kagamitang biswal ay kitang- kita *ang pananamit ng magkapatid na Basilio at Crispin, bunga ng kahirapan, na ang damit ay tagpi at nakasulsi.*

Ang kilos, pananamit at usapan ng mga tauhan ay malinaw na nakikita at naririnig gaya ng *mga reaksiyon ng mga tauhan hinggil sa salaping gugugulin sa maringal na pista na nagkaroon ng pagtutol kaya nagkaroon ng kaguluhan sa pamamagitan ng kagamitang biswal at sound effects.*

Sa tulong ng kagamitang biswal ay malinaw na ipinakita *ang kilos na ginawa ni Sisa ang lakad – takbo at ang kalituhan bunga ng mga kasawaing dinaranas at kung paano ililigtas ang mga anak.*

Sa kilos ng mga tauhan ay ipinakikita ang kaabalahan ng paghahanda ng mga tao sa nalalapit na kapistahan, ito ay

anim na prusisyon, tatlong misang mayor at komedya na may awitan.

Sa pag-uwi ni Sisa, lakad takbo ang kanyang ginawa. Hindi niya lubos maisip kung bakit sa kanila nangyari ang mapait na kasawian. Hindi niya alam ang gagawin kung papaano ililigtas ang kanyang anak. Sobrang takot ang bumalot sa pagkatao ni Sisa nang makita niya sa kanyang bakuran ang dalawang gwardiya sibil.

Tatlong araw na lumipas nang mabaliw si Sisa. Nagkaroon ng paghahanda sa nalalapit na kapistahan ng bayan ng San Diego. Nagalak ang lahat nang dumating si Maria Clara na kasama si Tiya Isabel. Ang dalaga ay hinangaan at kinagiliwan ng lahat dahil sa kanyang kayumian at kagandahan. Si Padre Salvi ay labis na pinagtatakan sa pagbabago ng ugali nito. At napapansin na ito ay malimit na natitigilan habang na nagmimisa, hindi na masyadong nakikipag-usap, lalong pumapayat at nagsasawalang kibo, ang sabi ng mga nangungumpisal ngunit na ipinagtataka nila ay ang pagdami ng ilaw na nagliliwanag sa kumbento kapag siya'y dumadalaw kina Maria Clara. Humiling si Maria Clara ng isang piknik kay Ibarra na itinulot naman ng binata. Sinabi ni Maria Clara na huwag inbitahin si Padre Salvi ngunit nagkaroon pa rin ng pagkakataon si Ibarra na anyayahan ito nang sila ay mag-usap.

Hindi pa sumisikat ang araw ng nagsilakad na ang magkakaibigang Maria Clara, Sinang Victoria, Inday at Andeng. Kasama nila ang kanilang mga magulang maliban kay Maria Clara ay kasama niya si Tiya Isabel. Kasama rin nila ang kanilang mga utusan na may dalang huwepe upang makita nila

ng nagkaroon ng paghahanda sa nalalapit na kapistahan ng bayan ng San Diego. Nagalak ang lahat nang dumating si Maria Clara na kasama si Tiya Isabel. Ang dalaga ay hinangaan at kinagiliwan ng lahat dahil sa kanyang kayumian at kagandahan.

Palarawan ang pagsasalaysay ng may-akda sa piknik na isasagawa ng mga dalaga at ng mga binata na pinamumunuan nina Ibarra at Maria Clara, gaya ng Hindi pa sumisikat ang araw ng nagsilakad na ang magkakaibigang Maria Clara, Sinang Victoria, Inday at Andeng. Masayang-masaya ang lahat ngunit dahil sa isang buwaya ay nagkagulo ang lahat. Lumukso ang piloto upang hulihin ang buwaya nang ito ay naisampa na nagpumiglas hanggang sa mapagtugo sa tubig kaya tumalon din si Ibarra upang tulungan ang piloto. Sa bandang hulli ay naging masaya ang lahat.

Deskriptibo ang paglalahad ng may-akda sa usapan nina Ibarra at Pilosopo Tasyo gaya ng sumangguni, tulad ng kanyang ama. Nangilid naman ang luha ng matanda dahil sa labis nitong katuwaan. Sabi ni Pilosopo Tasyo na hindi siya ang dapat

kitang-kita sa tulong ng kagamitang biswal.

Ang mga kilos at usapan at kasiyahan ay mababakas sa mga mukha ng mga tauhan. Nakikita at naririnig ang halakhakan ang pangkat ng mga babae at usapan ng pangkat ng mga lalake sa tulong ng biswal at sound effects.

Ang usapan at kilos nina Ibarra at Pilosopo Tasyo ay malinaw na malinaw na nakikita at naririnig ang paghingi ng Ibarra ng payo sa matanda sa tulong ng biswal at sound effects.

ang kanilang dinaraan. Masayang- masaya ang lahat ngunit dahil sa isang buwaya ay nagkagulo ang lahat. Lumukso ang piloto upang hulihin ang buwaya nang ito ay naisampa na nagpumiglas hanggang sa mapagtugo sa tubig kaya tumalon din si Ibarra upang tulungan ang piloto. Mga ilang sandali pa ay pumula ang tubig na labis na kinabahan si Maria Clara. Ang piloto at Ibarra ay ligtas na sa panganib. Nais ng mga matatanda na umuwi sapagkat ito raw ay hindi magandang simula ngunit nakumbinsi nina Ibarra at Albino ng matatanda na manatili. Naging masaya ang lahat

Habang nagtungo naman si Crisostomo sa kanyang mga lupain at pagkatapos ay sinadya niya ang tahanan ni Pilosopo Tasyo. Tuluy- tuloy siyang pumasok sa buong kabahayan at nakita na abala ang matanda sa pagsusulat. Nagtatakdang napansin ni Ibarra na ang isinusulat ng matanda ay nakasulat heroglipiko. Pinag- usapan din nila ang tungkol kay Elias at ang paraluman ng gwardya sibil ngunit ang tunay na pakay ni Ibarra kay Pilosopo Tasyo ay sumangguni tulad ng kanyang ama. Nangilid naman ang luha ng matanda dahil sa labis nitong katuwaan. Sabi ni Pilosopo Tasyo na hindi siya ang dapat pangsangguniaan ni Ibarra kundi ang mga kura, kapitan at sa lahat na may kapangyarihan. Ang panukalang ihahandog sa kasintahan na nananalig ito na magtatagumpay siya sapagkat papanig sa kanya ang bayan at pamahalaan na nagnais na mapabuti ang Pilipinas.

Tuwing ika- 10 ng Nobyembre ipinagdiriwang ang kapistahan ng San Diego. Labis na kagalakan ang nangingibabaw sa lahat ng dako. Ang bawat tahanan ay nagagayakan ng mga kurtinang seda na may iba't ibang kulay. Ang lahat ay naghahanda para sa pista. Magagandang

pangsangguniaan ni Ibarra kundi ang mga kura, kapitan at sa lahat na may kapangyarihan.

Palarawan ang pagsasalasay ng may- akda sa kapistahan ni San Diego na ginamitan ng mga salitang naglalarawan tulad ng *Labis na kagalakan ang nangingibabaw sa lahat ng dako. Ang bawat tahanan ay nagagayakan ng mga kurtinang seda na may iba't ibang kulay. Ang lahat ay naghahanda para sa pista. Magagandang kasangkapan ang ginagamit ng mga mayayaman. Bumibili ng mamahaling serbesa at pagkain na galing pa sa Europa. Umalingawngaw ang tunog ng kampana sa buong bayan at ingay ng mga paputok. . Ang prusisyon ay sisimulan sa ikawalo nang gabi. Mabagal ang prusisyon na sinasabayan ng paputok.*

Isinalasay ng may akda sa

Sa pamamagitan ng kagamitang biswal at sound effects ay malinaw na malinaw na nakikita at naririnig ang mga kagalakan na nangingibabaw sa mga tauhan. Ang paggayak ng mga tahanan na ginagamitan ng makuklay na seda, mga mamahalin na pagkain at serbesa. Maririnig ang maalingawngaw na tunog ng kampana.

Kitang- kita na punung- puno ng tao ang simbahan at kitang- kita rin sa simbahan ang mga kilalang tao at malinaw na naririnig ang sermon ni Padre Damaso hinggil sa pagtuligsa niya sa mestisong nagmamayabang at nagmamataas. Itong lahat ay

kasangkapan ang ginagamit ng mga mayayaman. Bumibili ng mamahaling serbesa at pagkain na galing pa sa Europa. Labis na marangya at maluhong ang paghahanda ni Kapitan Tiyago sapagkat nais niyang mahigitan ang mga taga San Diego dahil sa kanyang anak at kanyang mamanugang si Ibarra. Naging masaya ang pagkukwentuhan nina Kaptian Tiyago at Ibarra. Inanayayahan si Ibarra na doon maghapunan ngunit tinanggihan ito ng binata dahil ayon sa kanya ay may mahalagang panauhin siyang hinihintay. Nagpaalam si Maria Clara na siya ay mamasyal na kasama ang kanyang mga kaibigan. Kasunod nila na bumaba si Ibarra Maraming bumati kay Ibarra at maraming pumuri kay Maria Clara. Nakarating sila sa liwasan ng bayan at nakita ang isang ketongin na umaawit sa saliw ng gitara. Walang lumapit sapagkat natatakot silang mahawa. Tumanggap ng maraming parusa ang ketongin ng tulong nito ang batang nahulog sa mababaw na hukay. Gayun na lamang ang habag ni Maria Clara kaya kinuha niya ang suot na agnos at inilagay nito sa bakol ng ketongin, na labis na pinagtakhan ng kanyang mga kasama.

Kinabukasan ay maagang pinagsimulan ang kapistahan ng San Diego. Paroo't parito ang mga musiko. Umalingawngaw ang tunog ng kampana sa buong bayan at ingay ng mga paputok. Tanging si Pilosopo Tasyo lamang ang hindi nagpalit ng kasuotan samantalang ang patio ng simbahan ay punung-puno ng mga tao. Ang gaganap ng misa mayor ay si Padre Salvi. Magsisimba sa araw na iyon ang mga tanyag na tao at inanyayahan din si Padre Damaso na magbigay ng sermon. Pinuri niya ang alkalde, mga pari at mga tagapakinig. Ang bahagi ng sermon ay ipinahayag niya sa wikang Kastila kaya hindi gaanong nauunawaan. Nagpatuloy siya sa sermon at

deskriptibong pamamaraan ang naganap sa simbahan sa pamamagitan ng mga salita, tulad ng punung-puno ng mga tao. Ang gaganap ng misa mayor ay si Padre Salvi. Magsisimba sa araw na iyon ang mga tanyag na tao at inanyayahan din si Padre Damaso na magbigay ng sermon. Pinuri niya ang alkalde, mga pari at mga tagapakinig. Ang bahagi ng sermon ay ipinahayag niya sa wikang Kastila kaya hindi gaanong nauunawaan. Nagpatuloy siya sa sermon at tinuligsa niya ang kawalan ng paggalang sa Diyos, ang di pagkumpisal, ang mestisong nagmamayabang at nagmamataas.

Palarawan ang paglalahad ng may-akda sa pangyayari na naganap sa paghuhugos ng unang bato, gaya ng nagsimula na ang seremonya ng paghuhugos na pinangungunahan ni Padre Salvi. Matapos ang bawat isa ay naglagay ng palitada. Naalala ng kura na si Ibarra ay hindi pa naglalahad ng palitada, pabiro ng kura. Napilitang bumaba si Ibarra samantalang habang si

matutunghayan sa tulong ng kagamitang biswal at sound effects.

Malinaw na ipinakita ang paghugos ng unang bato at ang lahat ay nahintakutan sa mabilis na pangyayari. Natagpuan si Ibarra ay nakatayo at isang nakahandusay na bangkay ng lalaking madilaw sa tulong ng kagamitang biswal at sound effects.

tinuligsa niya ang kawalan ng paggalang sa Diyos, ang di pagkumpisal, ang mestisong nagmamayabang, nagmamataas at nagpapanggap na marunong. Nagwalang- bahala si Ibarra kahit alam niyang ang lahat ay patama sa kanya. Marami na ang naiinip at inaantok. Si Kapitan Tiyago ay naghihikab na, si Maria Clara ay hinahanap ang kinaroroonan ni Ibarra, ang alkalde ay naghihikil samantalang si Hermana Pule ay napasigaw. Binalya niya ang isang lalaki na napayukayok sa kanya na naging sanhi ng pagkalukot ng kanyang abito. Samantalang isang lalaki ang lumapit kay Ibarra at binalaan siya nito ukol sa gagawing pagdiriwang sa paaralan. Ang prusisyon ay sisimulan sa ikawalo nang gabi. Mabagal ang prusisyon na sinasabayan ng paputok. Tumigil ang karong sinusundan ng palyo sa tapat ng bahay ni Kapitan Tiyago. Nakadungaw sa bintana ang alkalde, Kapitan Tiyago, Maria Clara, Ibarra, mga dalaga at ilang kastila. Walang anumang tiningnan sila ni Padre Salvi na itinaas ang ulo at itinuwid ang katawan.

Labis na humanga si Nol Juan sa lalaking madilaw. Samantalang naghahanda si Ibarra ng malaking kasiyahan, naroroon ang alkalde, mga prayle, Padre Damaso at pinunong bayan. Habang papalapit ang oras ng paghuhugos ay labis na kinakabahan ang binata. Nagtama ang mata ng taong madilaw at si Ibarra, gayundin si Ibarra at Elias na kumindat pa ito na tanda ng paalala. Nagsimula na ang seremonya ng paghuhugos na pinangungunahan ni Padre Salvi. Matapos ang bawat isa ay naglagay ng palitada. Naalala ng kura na si Ibarra ay hindi pa naglalagay ng palitada, pabiro ng kura. Napilitang bumaba si Ibarra samantalang habang si Elias ay nakaagapay sa bawat kilos ng taong madilaw. Isang sandali, isang malakas na ugong ang narinig at madilim ang paligid

Elias ay nakaagapay sa bawat kilos ng taong madilaw. Isang sandali, isang malakas na ugong ang narinig at madilim ang paligid dahil sa alikabok kasabay ang nakahihilakbot nasigawan ng mga tao. Nang napawi ang kaguluhan, nakita si Ibarra na nakatayo sa torno at isang bangkay ang natabunan ng gumuhong na gusali.

Ang paglalarawan ng mayakda ay nasa deskriptibong paglalahad dahil sa mga salitang naglalarawan tulad ng, *masayang pananghalian para sa pinakamataas na tao sa lalawigan ang nasa isang mahabang mesa na pinangungunahan nina Ibarra at Alkalde sa kabisera. Halos matatapos na ang pananghalian nang dumating si Padre Damaso na masayang bumati sa lahat ngunit napawi ito nang makitang si Maria Clara na nasa tabi ni Crisostomo Ibarra. Hindi pinansin ni Ibarra ang sinabi ni Padre Damaso ngunit nang marining nang binata ang huling binanggit nito ay bigla itong tumindig at sinunggaban si Padre Damaso. Sabay dukwang sa isang matalim na kutsilyo. Walang nangahas na namagitan dahil sa pagkabigla at pagkatakot. Pinawanan ng bait si Ibarra.*

Masayang pananghalian ang matutunghayan sa pangkat ng mga kilalang tao. si Padre Damaso na masayang bumati sa lahat ngunit napawi ito nang makitang si Maria Clara na nasa tabi ni Crisostomo Ibarra ngunit ng marinig ng Ibarra ang paratang ni Padre Damaso ay sinunggaban niya ito. Kitang- kita ang pagkakangulat ng mga taong nakasaksi. Ito ay natunghayan sa tulong ng kagamitang biswal at sound effects.

Sa tulong ng biswal at sound effects ay malinaw na masasaksihan ang hitsura at kagaslwan ng pananalita at pag- uugali ni Donya Concolacion. Nangangalit ang kanyang noo, kulay- talong ang kanyang labi na nasusulpalpalan ng malalaking tabako.

dahil sa alikabok kasabay ang nakahihilakbot nasigawan ng mga tao. Nang napawi ang kaguluhan, nakita si Ibarra na nakatayo sa torno at isang bangkay ang natabunan ng gumuhong na gusali. Iyon ang taong madilaw. Ipinahuli ng alkakde ang namamahala ngunit ayon kay Ibarra na siya ang mananagot sa pagsisiyasat ukol sa nangyari at sa kalagayan ni Nol Juan. Matapos na tanungin ang kalagayan ni Maria Clara, siya ay umuwi na upang magpalit ng damit.

Isang masayang pananghalian para sa pinakamataas na tao sa lalawigan ang nasa isang mahabang mesa na pinangungunahan nina Ibarra at Alkalde sa kabisera. Nasa kanan ng binata si Maria Clara at sa kaliwa ang eskribano, kapitan Tiyago, Alperes, Kapitan ng bayan, mga prayle at mga kawani at ilang binibini ay nakaupo sa magkabilang panig ng hapag kainan. Sa gitna ng pananghalian isang pahatid-kawad ang natanggap ni Kapitan Tiyago na nagsasaad na darating ang Kapitan- heneral sa kanyang tahanan kaya dali- dali itong umalis. Halos matatapos na ang pananghalian nang dumating si Padre Damaso na masayang bumati sa lahat ngunit napawi ito nang makitang si Maria Clara na nasa tabi ni Crisostomo Ibarra. Hinihingi niya na ipagpatuloy ang naudlot na usapan. Sinabi ng Alkalde na binanggit ni Ibarra ang mga nagsitulog. Hindi pinansin ni Ibarra ang sinabi ni Padre Damaso ngunit nang marining nang binata ang huling binanggit nito ay bigla itong tumindig at sinunggaban si Padre Damaso. Sabay dukwang sa isang matalim na kutsilyo. Walang nangahas na namagitan dahil sa pagkabiligla at pagkatakot. Pinawanan ng bait si Ibarra, ang kanyang katawan ay nanginig, naninilaw at nagbabaga ang kanyang mga mata.

Deskritibo ang paglalarawan ng may- akda kay Donya Concolacion sa pamamagitan ng mga parirala tulad ng, *Sa isang maluwas na silyon nakaupo na nayayamot ito. Nangangalit ang kanyang noo, kulay- talong ang kanyang labi na nasusulpalpalan ng malalaking tabako. Sa kanyang pagkatulala na tila inaantok ay lalong naging kamuhi- muhi ang kanyang anyo.*

Palarawan ang pagkakalahad ng may- akda sa pamamagitan ng mga salita tulad ng, *May paputok na maririnig, karamihan sa mga tao ay patungo sa liwasang bayan upang manood ng dula. Malaking entablado ang ginawa, libu- libong ilaw ang nakapaligid sa mga suhay at nakabitin sa bubong. Panay tugtog ng orkestra sa may harap ng entablado. Sa likod nito ay nakahanay ang mga upuan para sa mga may katungkulan sa bayan, mga kastila, mayayaman, mga dayong panauhin at iba pang kilala sa bayan.*

Inilalahad ang pagkakasakit ni Maria Clara sa pamamagitan ng deskribong pamamaraan gaya ng malungkot sa tahanan ni Kapitan Tiyago dahil sa pagkakasakit ni Maria Clara. Nakapinid ang lahat ng bintana sa tahanan.

Malinaw na nakikita at naririnig sa tulong ng biswal at sound effects *ang mga paputok, mga taong patungo sa liwasang bayan at libu- libong ilaw ang nakapaligid sa mga suhay. Malalaking entablado at tugtog ng orkestra.*

Masasaksihan ang napakatahimik na tahanan ni Kapitan Tiago bunga ng pagkakasakit ni Maria Clara, ang mga bintana ay nakasara at hindi maaaring mag- usap maliban sa kusina sa tulong ng biswal at sound effects.

Si Donya Consolacion, ang paraluman ng mga gwardiya sibil ay nasa sala ng naturang bahay. Sa isang maluwag na silyon nakaupo na nayayamot ito. Nangangalit ang kanyang noo, kulay- talong ang kanyang labi na nasusulpalpalan ng malalaking tabako. Sa kanyang pagkatulala na tila inaantok ay lalong naging kamuhi- muhi ang kanyang anyo. Lingid sa lahat, pinagbabawalan ng Alperes ang kanyang asawa na lumabas ng bahay.

Mag-iikasampu na nang gabi. May paputok na maririnig, karamihan sa mga tao ay patungo sa liwasang bayan upang manood ng dula. Malaking entablado ang ginawa, libu- libong ilaw ang nakapaligid sa mga suhay at nakabitin sa bubong. Panay tugtog ng orkestra sa may harap ng entablado. Sa likod nito ay nakahanay ang mga upuan para sa mga may katungkulan sa bayan , mga kastila, mayayaman, mga dayong panauhin at iba pang kilala sa bayan. May mga upuan ding nakalaan para sa mga karaniwang mamamayan sa bandang likuran. Ang Tinyente mayor na si Don Filipino, ang namahala sa pagpapalabas ng dula sapagkat ang kapitan ay nasa montera.

Malungkot sa tahanan ni Kapitan Tiiyago dahil sa pagkakasakit ni Maria Clara. Nakapinid ang lahat ng bintana sa tahanan. Sa kusina lamang maaaring makapagsalita nang malakas. Napag- usapan nina Kapitan Tiyago at Tiya Isabel kung saan sila nararapat na mag-abuloy. Maya- maya ay dumating ang mag- asawang Don Tiburcio de Espadaña at Donya Victorina, sakay ng isang karwahe at kasama nila si Don Alfonso Linares, na kanilang raw pinsan, si Linares daw ay inaanak ng isang kamag- anak ni Padre Damaso at sariling kalihim ng lahat na kagawad- bansa sa Espanya. Tuluy- tuloy na nagtungo si Padre Damaso sa

Isinalaysay ng may- akda sa pamamagitan ng malarawang mga salita *ang sabungan ng San Diego, gaya ng patuloy ang sigawan ng mga tao na “ sa pula, sa puti!”*. Naroroon din ang *magkapatid na Tarsilo at Bruno na natalo sa sugal kaya nangutang sila kay Lucas*.

Dekriptibo ang pagkakalahad

Malinaw na naririnig ang magulo at maingay na sigawan na sa Pula at sa Puti ng mga tauhan gaya ng magkapatid na Bruno at Tarsilo sa tulong ng biswal at sound effects.

Sa pamamagitan ng biswal at sound effects ay *kitang- kita na nawala ang lahat ng nasa isip ni Ibarra nang makita niyang malapit si Linares kay Maria Clara samantalang si Maria Clara ay pinamulahan ng pisngi at di makatayo, si Linares naman ay namulta nang makita si Ibarra* .

Ang usapan at kilos nina Ibarra at Elias ay kitang- kita at nauunawaan sa tulong ng biswal

silid ng dalaga. “Maria , anak ko hindi ka mamamatay,” lumuluhang sabi ni Padre Damaso. Nang matiwasay na si Padre Damaso ay lumapit na si Donya Victorina at ipinakilalang pinsan si Linares. Matagal bago gumaling ang dalaga. Nabinat ito matapos na mangumpisal at nahihibang habang tinatawag ang kanyang ina. Manghang- mangha ang mag- asawang de Espadaña sa bisa ng gamot na ipinainom sa maysakit. Ibinulong ni Maria Clara kay Sinang na sabihin kay Ibarra na limutin na siya. Matapos ay muling nangumpisal ang dalaga ngunit matapos mangumpisal, mapapansin na nakakunot ang noo at pawisan ang kura. Waring siya ang nangumpisal at siya ay di nagtamo ng kapatawaran.

Ang sabungan ng San Diego ay pinahihintulutan ng pamahalaan tuwing araw ng Linggo at mga pista kaya tuwing linggo ng hapon ay dito nagpupunta ang mga mahihirap para kumita ng salapi nang hindi napapagod at ng mayayaman upang maglibang. Ang sabungan ay walang pinag- iba sa ibang sabungan . Sa mga sandaling iyon ay makikita sina Kapitan, Kapitan Basilio, Kapitan Pablo at si Lucas, ang lalaking my peklat sa mukha na namatayan ng kapatid. Napag- usapan nila ang tungkol sa paggaling ni Maria Clara at napag- usapan din nila ang pagkatalo ni Kapitan Tiyago at pagkapanalo ni Kapitan Basilio. Samantalang patuloy ang sigawan ng mga tao na “ sa pula, sa puti!”. Naroroon din ang magkapatid na Tarsilo at Bruno na natalo sa sugal kaya nangutang sila kay Lucas. Sinabi ni Lucas na ang pera ay buhat kay Ibarra na ipagkakaloob sa mga taong ibig na maglingkod sa kanya. Muling nagsugal ang magkapatid nang matalo ay hinanap nila si Lucas at pumayag sila sa nais ni Lucas. Sinabi ni Lucas kapag makakahanap sila sa pagsalakay sa kwartel ay bibigyan sila ng tigtatatlumpung piso at sampu

ng may- akda dahil gumamit ito ng mga salitang naglalarawan gaya nang *nawala ang lahat na nasa isip ni Ibarra nang makita niyang malapit si Linares kay Maria Clara, na pinamulahan ng pisngi ang dalaga. Pinilit niyang tumayo ngunit di niya magawa. Si Linares ay namutla nang makita si Ibarra.*

Nasa dekritibong pagkakalahad ang usapan nina Ibarra at Elias gaya ng, *Waring hindi masaya ang binata. Nag-usap ang dalawa ng sarilinan. Isinalaysay ni Elias ang napag- usapan nila ng puno ng mga tulisan. Nalaman ni Ibarra ang hangad ng pangkat ang ganap na pagbabago sa mga kawal ng sandatahan, paglalapat ng katarungan, paggalang sa karangalan ng tao at sa kapanatagan ng mga manggagawa.*

Palarawan ang pagkakalahad ng may –akda sa *ikinikilos ni Linares, gaya ng balisang- balisa naman si Linares nang matanggap niya ang liham ni Donya Victorina na nagsasaad na sa loob ng tatlong araw kapag hindi pa niya hinahamon ang Alperes ay sasabihin ng Donya ang tunay niyang pagkatao ni Linares kay Kapitan Tiyago.*

Deskriptibo ang paglalahad ng may- akda sapagkat ginamitan ng mga salitang, *pumunta si Elias kay Ibarra upang sabihin na may pag-aalsang magaganap at siya ang hinihinalang namumo at pinayuhan siya ni Elias na umalis.*

at sound effects gaya ng *pagsasalaysay ni Elias kay Ibarra ang kahilingan ng puno ng mga tulisan.*

Kitang- kita sa pamamagitan ng biswal at sound effects *ang mukha at galaw ni Linares ang pagkabalisa nang matanggap niya ang liham ni Donya Victorina na nagpapaalala napaghahamon nito sa Alperes dahil kung hindi ay sasabihin ni Donya Victorina ang katotohanan ng kanyang pagkatao kay Kapitan Tiyago.*

Sa pamamagitan ng biswal at sound effects ay malinaw na ipinakita *ang usapan nina Ibarra at Elias, gaya ng may pag-aalsang magaganap at siya ang hinihinalang namumo at pinayuhan siya ni Elias na umalis.*

Malinaw na nakikita at naririnig sa tulong ng kagamitang biswal at sound effects ang mga pangyayari gaya ng *naghahapunan sina Linares, Tiya Isabel at Kapitan Tiyago. Sina Maria Clara ay nakaupo sa tabi ng piyano habang si Sinang ay bumubulong sa kanyang tainga, Si Padre Salvi ay hindi mapalagay sa salas. Dumating si Ibarra na luksang- luksa ang kanyang kasuotan at mababakas sa kanyang mukha ang matinding kalungkutan. Tumayo si Maria*

naman sa bawat makakasama at kapag nagtagumpay sila sa pagsasalakay ay bibigyan sila nang tig-iisang daang piso at doble sa magkapatid. Sumang-ayon si Bruno at hiningi ang pera. Sinabi ni Lucas na tulad sila ng kanilang ama na matapang. At naghiwa- hiwalay na ang tatlo.

Nang dumating si Ibarra kinabukasan ay agad niyang tinungo ang tahanan ni Kapitan Tiyago. Ibinalita niyang hindi na siya excomulgado. Nagalak si Tiya Isabel sa balita dahil hindi siya sang- ayon kay Linares. Sinabi ni Tiya Isabel kay Maria Clara. Nawala ang lahat na nasa isip ni Ibarra nang makita niyang malapit si Linares kay Maria Clara, na pinamulahan ng pisngi ang dalaga. Pinilit niyang tumayo ngunit di niya magawa. Si Linares ay namutla nang makita si Ibarra. Tila ang lahat ay napipi. Sa wakas ay nakapagsalita si Ibarra.

Nasa bangka na ni Elias si Ibarra bago pa magtakip- silim. Waring hindi masaya ang binata. Nag-usap ang dalawa ng sarilinan. Isinalaysay ni Elias ang napag- usapan nila ng puno ng mga tulisan. Nalaman ni Ibarra ang hangad ng pangkat ang ganap na pagbabago sa mga kawal ng sandatahan, paglalapat ng katarungan, paggalang sa karangalan ng tao at sa kapanatagan ng mga manggagawa, pagbabawal sa paggamit ng lakas at pagbabawas ng mga kapangyarihan.

Balisang- balisa naman si Linares nang matanggap niya ang liham ni Donya Victorina na nagsasaad na sa loob ng tatlong araw kapag hindi pa niya hinahamon ang Alperes ay sasabihin ng Donya ang tunay niyang pagkatao ni Linares kay Kapitan Tiyago, ipagtatapat din niya ang lahat kay Maria Clara at hindi na siya bibigyan nito. Tila nagsisi si Linares kung bakit ito sumunod sa donya.

Palarawan ang pagkakalahad ng mga pangyayari na inilahad ng may – akda tulad ng, *naghahapunan sina Linares, Tiya Isabel at Kapitan Tiyago. Sina Maria Clara ay nakaupo sa tabi ng piyano habang si Sinang ay bumubulong sa kanyang tainga, Si Padre Salvi ay hindi mapalagay sa salas. Dumating si Ibarra na luksang- luksa ang kanyang kasuotan at mababakas sa kanyang mukha ang matinding kalungkutan. Tumayo si Maria Clara upang salubungin ang binata at tanungin kung ano ang nangyayari sa kanya ng biglang umalingawngaw ang maraming putukan. Ang lahat ay gulung- gulo. Tanging si Ibarra ang tila tuod na nakatayo. Patuloy ang sigawan at putukan.*

Deskriptibo ang paglalarawan ng may akda sa pangyayaring naganap sa bulwagan ng tirahan ni Kapitan Tiago. *Naroroon ang mayayamang Intsik, Kastila at mestisa, sina Padre Sibyla, Padre Salvi, Tinyente Guevarra at ang Alperes na nagkukuwento sa kanyang pakikipiaglaban laban sa mga nag- alsa. Sa umpukan ng mga dalaga ang paksa ng umpukan ay si Maria Clara sapagkat maganda raw ngunit tanga.*

Clara upang salubungin ang binata at tanungin kung ano ang nangyayari sa kanya ng biglang umalingawngaw ang maraming putukan. Ang lahat ay gulung- gulo. Tanging si Ibarra ang tila tuod na nakatayo. Patuloy ang sigawan at putukan.

Sa bulwagan ng tirahan ni Kapitan Tiago na malinaw na ipinakikita ang kilos, usapan at pagmumukha ng mga tauhan sa tulong ng biswal at sound effects gaya ng naroroon ang mayayamang Intsik, Kastila at mestisa, sina Padre Sibyla, Padre Salvi, Tinyente Guevarra at ang Alperes na nagkukuwento sa kanyang pakikipiaglaban laban sa mga nag- alsa. Sa umpukan ng mga dalaga ang paksa ng umpukan ay si Maria Clara sapagkat maganda raw ngunit tanga.

Kitang- kita sa tulong ng kagamitang biswal at sound effects ang mga pangyayaring naganap tulad ng, matapos ang kasiyahan at wala ng ingay at tahimik na ang lahat. Lumabas si Maria Clara at nagtungo sa asotea at tumanaw sa ilog. Isang

Nagtungo si Elias kay Ibarra upang sabihin na may pag-aalsang naganap at siya ang pagbibintangan. At sirain ang mga kasulatan na makapagpapahamak sa kanya. Pinayuhan ni Elias si Ibarra na lisanin ang lugar para na rin sa kanyang kaligtasan. Si Ibarra naman ay naguguluhan. Nabasa ni Elias ang isang Ibarramedia agad tinanong ni Elias kay Ibarra kung kaanu- ano niya ito. Sumagot si Ibarra ng walang pag-aalinlangan na ito ay ang kanyang nuno. Nanlisik ang mga mata ni Elias. Kanyang aabahin ng kutsilyo si Ibarra mabuti na lamang ay nanumbalik ang katinuan nito at dali- daling nilisan ang bahay ni Ibarra.

Samantalang naghahapunan sina Linares, Tiya Isabel at Kapitan Tiyago. Sina Maria Clara ay nakaupo sa tabi ng piyano habang si Sinang ay bumubulong sa kanyang tainga, Si Padre Salvi ay hindi mapalagay sa salas. Hinihintay niya ang ikawalo ng gabi. Dumating si Ibarra na luksang-luksa ang kanyang kasuotan at mababakas sa kanyang mukha ang matinding kalungkutan. Tumayo si Maria Clara upang salabunghin ang binata at tanungin kung ano ang nangyayari sa kanya ng biglang umalingawngaw ang maraming putukan. Ang lahat ay gulung-gulo. Tanging si Ibarra ang tila tuod na nakatayo. Patuloy ang sigawan at putukan. Nang manumbalik na ng katiwasayan, narinig ang Alperes at sinabi kay Padre Salvi na wala ng dapat ikatakot. Nagtungo ang mga gwardya sibil sa tahanan ni Ibarra para kunin ang ilang mga kasulatan ngunit ayaw pumayag ng utusan na sila ay pumasok kung wala ang pahintulot ni Ibarra. Ngunit sila ay binugbog at pumasok sa loob ng bahay ang ilang gwardiya sibil upang kunin ang ilang mga kasulatan ngunit huli na ang lahat sapagkat nasunog na ni Elias ang mga ito. Nais ng taong bayan na tumulong

Palarawan ang pagkakalahad ng pangyayari na isinalaysay ng may- akda, *gaya ng matapos ang kasiyahan at wala ng ingay at tahimik na ang lahat. Lumabas si Maria Clara at nagtungo sa asotea at tumanaw sa ilog. Isang bangkang may lamang damo ang huminto sa sadsarang bahay ni Kapitan Tiyago. Bumaba ang isa sa mga lulan nito at pumanhik sa hagdang bato, lumundag sa pader at umakyat patungong asotea. Pinag- usapan ng dalawa ang kanilang balak. Ayon kay Elias ay dadalhin niya si Ibarra sa Mandaluyong at doon siya itatago sa bahay ng kanyang kaibigan. At iwan ang sariling bayan. Sa ibang bansa ay matatagpuan ni Ibarra ang katahimikan.*

Deskriptibo ang paglalarawan ng may- akda *ang nangyaring habulan sa lawa na ginamitan ng mga salitang patuloy sa pagsagwan si Elias ngunit namataan sila ng mg gwardiya sibil. Kaya sinabi ni Elias na si Ibarra ang magsasagwan at siya ay lulundag sa tubig upang maligaw ang humahabol na guwardiya sibil. Bago maghiwalay silang dalawa ay nag- usap sila na magkikita sa Notsebuena sa libingan ng nuno ni Ibarra. Pagod na ang mga tumutugis at gayun din si Elias ngunit patuloy pa rin siya sa paglangoy. Nang muling paputukan ay hindi na ito lumitaw. Mga ilan sandali pa ay may dugo na nakita sa tubig.*

bangkang may lamang damo ang huminto sa sadsarang bahay ni Kapitan Tiyago. Bumaba ang isa sa mga lulan nito at pumanhik sa hagdang bato, lumundag sa pader at umakyat patungong asotea. Pinag- usapan ng dalawa ang kanilang balak. Ayon kay Elias ay dadalhin niya si Ibarra sa Mandaluyong at doon siya itatago sa bahay ng kanyang kaibigan. At iwan ang sariling bayan. Sa ibang bansa ay matatagpuan ni Ibarra ang katahimikan.

Malinaw na ipinakikita ang kilos at usapan nina Ibarra at Elias at ang kaganapan na nangyaring habulan sa lawa. Pagod na ang mga tumutugis at gayun din si Elias ngunit patuloy pa rin siya sa paglangoy. Nang muling paputukan ay hindi na ito lumitaw. Mga ilan sandali pa ay may dugo na nakita sa tubig sa tulong ng biswal at sound effects.

Sa tulong ng kilos at anyo ng mga tauhan ay malinaw na nauunawaan at nakikita ng manonood sa tulong ng biswal at sound effects. Kitang- kita ang pagkakabahala ni Maria Clara nang makita ang pahayagan. Hiniling ng dalaga kay Padre Damaso na ipagtanggol ang kanyang ama at sirain ang kasunduan na pagpapakasal.

upang iligtas ang bahay ni Ibarra ngunit huli na ang lahat sapagkat natupok na ito ng apoy.

Sa bulwagan ni Kapitan Tiyago ay napakaraming tao. Walang isa mang Indiyos sa tahanan niya. Naroroon ang mayayamang Intsik, Kastila at mestisa, sina Padre Sibyla, Padre Salvi, Tinyente Guevarra at ang Alperes na nagkukuwento sa kanyang pakikipiaglaban laban sa mga nag-alsa. Sa umpukan ng mga dalaga ang paksa ng umpukan ay si Maria Clara sapagkat maganda raw ngunit tanga. Kayamanan daw ang habol nito kung kaya siya ay papakasal kay Linares. Pinawalang halaga ng manananggol ni Ibarra sapagkat inamin ng tulisan na hindi ito nakipag-usap kay Ibarra. Tinanong muli ang tinyente kung paano nakarating sa piskal ang liham. Hindi sumagot ang tinyente ngunit tinitigan niya si Padre Salvi at matapos ay lumapit siya kay Maria Clara at winikang napakaingat daw ng dalaga. Binati niya ito sa pagbibigay ng liham at nakatitiyak daw siya nang isang magandang bukas. Pagkatapos ay umalis na ang tinyente. Nanghina si Maria Clara at nagpahatid ito sa kanyang silid.

Nang matapos ang kasiyahan at wala ng ingay at tahimik na ang lahat. Lumabas si Maria Clara at nagtungo sa asotea at tumanaw sa ilog. Isang bangkang may lamang damo ang huminto sa sadsarang bahay ni Kapitan Tiyago. Bumaba ang isa sa mga lulan nito at pumanhik sa hagdang bato, lumundag sa pader at umakyat patungong asotea. “Crisostomo!” wika ni Maria Clara. “Oo ako nga, si Elias na dapat sanang mapoot sa akin at magturing sa akin na ako’y kaaway ang nagligtas sa akin sa bilangguan na kinasadlakan sa akin ng aking mga kaibigan,” wika ni Ibarra. Sakay sina Ibarra at Elias sa bangka. Pinag-usapan ng dalawa ang kanilang balak. Ayon kay Elias ay dadalhin niya

Palarawan ang pgsasalaysay ng may-akda sa pangyayari na ginamitan ng mga salitang mamahalin na handog sa kasal na nasa mesa ay walang halaga kay Maria Clara. Ang pinagmamasdan lamang niya ay ang pahayagang nagbababalita sa pagkalumod ni Ibarra. . *Hiniling ni Maria Clara kay Padre Damaso na ipagtanggol ang kanyang ama at sirain ang kasunduan sa kanyang kasal.*

Palarawan o deskriptibo ang paglalarawan ng may-akda sa kinahinatnan ng mga tauhan, gaya ng si Padre Damaso ay nanirahan sa Maynila buhat na si Maria Clara ay nagmongha. . *Si Padre Salvi ay gayun din na may mahalagang tungkulin sa Santa Clara. Matapos ay nabatid na namatay si Padre Damaso. Si Kapitan Tiyago ay walang ginawa kundi ang maglaro ng liam-pao, magsabong at humithit ng apyan. Naninilaw, payat at nanlalalim at namumungay ang mga mata. Si Donya Victorina ay nagdagdag ng mga pustisong kulot sa kanyang pusod. Si Don Tiburcio ay inatasang magsawalang-kibo at hindi na pa muling makapanggagamot at madalas na walang ngipin. Si Linares ay matagal ng patay dahil sa sakit na iti at ito ay nakalibing sa libingan sa Paco.*

Ang mga sitwasyon na naganap sa mga tauhan ay malinaw na nauunawaan at nakikita ng mga manonood ang kinahinatnan ng mga tauhan gaya ng na si Maria Clara ay nagmongha. . *Si Padre Salvi ay gayun din na may mahalagang tungkulin sa Santa Clara. Matapos ay nabatid na namatay si Padre Damaso. Si Kapitan Tiyago ay walang ginawa kundi ang maglaro ng liam-pao, magsabong at humithit ng apyan. Naninilaw, payat at nanlalalim at namumungay ang mga mata. Si Donya Victorina ay nagdagdag ng mga pustisong kulot sa kanyang pusod. Si Don Tiburcio ay inatasang magsawalang-kibo at hindi na pa muling makapanggagamot at madalas na walang ngipin. Si Linares ay matagal ng patay dahil sa sakit na iti at ito ay nakalibing sa libingan sa Paco. Ang Alperes na naging tinyenteng may gradong komandante ay umuwi na sa Espanya at iniwan ang asawang si Donya Concolacion na walang pinag-abalahan kung hindi maglasing, kinatakutan hindi lamang ng mga bata bagkus ng mga matatanda. Ginamitan ng kagamitang biswal at sound effects.*

si Ibarra sa Mandaluyong at doon siya itatago sa bahay ng kanyang kaibigan. At iwan ang sariling bayan. Sa ibang bansa ay matatagpuan ni Ibarra ang katahimikan. Ito ay mayaman at maraming mga kaibigan at doon ay maaari niyang lakarin ang mga paratang sa kanya.

Patuloy sa pagsagwan si Elias ngunit namataan sila ng mga guardiya sibil. Kaya sinabi ni Elias na si Ibarra ang magsasagwan at siya ay lulundag sa tubig upang maligaw ang humahabol na guwardiya sibil. Bago maghiwalay silang dalawa ay nag- usap sila na magkikita sa Notsebuena sa libingan ng nuno ni Ibarra. Matapos ay mahinahong pinisil ni Elias ang kamay ni Ibarra at sabay lundag sa tubig at sikad sa bangka . Makailang ulit na lumubog lumitaw si Elias at sa tuwing siya ay lumulitaw upang huminga ay pinauulanan siya ng putok. Samantala palayo na sila nang palayo sa bangka ni Ibarra. Limampung dipa na lamang ang agwat ni Elias sa pampang, Pagod na ang mga tumutugis at gayun din si Elias ngunit patuloy pa rin siya sa paglangoy. Nang muling paputukan ay hindi na ito lumitaw. Pagkaraan ng kalahating oras isang mananagwan ang nagbalitang nakakita siya sa tubig na may bahid ng dugo.

Ang mga mamahalin na handog sa kasal na nasa mesa ay walang halaga kay Maria Clara. Ang pinagmamasdan lamang niya ay ang pahayagang nagbababalita sa pagkalunod ni Ibarra. Nakaramdam siya ng dalawang kamay na tumapik sa kanya. Napagiltla at takot na nakita ang bagong dating. Si Padre Damaso na kararating lamang buhat sa lalawigan. Hiniling ni Maria Clara na ipagtanggol ang kanyang ama at sirain ang kasunduan sa kanyang kasal. Isinalaysay niya ang lahat tungkol sa huli nilang pagkikita ni Ibarra maliban sa kanyang

Ang Alperes na naging tinyenteng may gradong komandante ay umuwi na sa Espanya at iniwan ang asawang si Donya Concolacion na walang pinag-abalahan kung hindi maglasing, kinatakutan hindi lamang ng mga bata bagkus ng mga matatanda.

tunay na pagkatao. Hindi sang-ayon si Padre Damaso sa nais ni Maria na magmongha sapagkat ayon sa kanya ay nais pa niyang maging sawimpalad si Maria Clara kaysa sa makita itong pumasok sa monasteryo. Ngunit ipinilit ni Maria Clara ang nais niya ang kumbento o kamatayan. Magmongha na lamang ang pinili ni Padre Damaso huwag lamang mamatay ang dalaga.

Sa itaas ng isang libis ng bundok, may isang tahanang kubo. Nakatira ang mag- anak na Tagalog. Ito ang tumulong kay Basilio na anak ni Sisa. Nagpasalamat si Basilo sa pagkalinga na ginawa. Si Padre Damaso ay nanirahan sa Maynila buhat na si Maria Clara ay nagmongha. Si Padre Salvi ay gayun din na may mahalagang tungkulin sa Santa Clara. Ilan buwan lamang ay inilipat si Padre Damaso sa Padre Provincial at kinabukasan nito ay natagpuan nalamang itong patay sa kanyang higaan. Bigla ang kanyang pagkamatay dahil sa sama ng loob. Si kapitan Tiyago ay nakaramdam ng panghihina , ilang linggo lamang nanasa kumbento si Maria Clara. At iniutos kay Tiya Isabel na itabi ang lahat ng gamit ni Maria Clara at sa ina nito at umuwi na sa San Diego sapagkat nais niyang mapag-isa. Si Kapitan Tiyago ay walang ginawa kundi ang maglaro ng liam- pao, magsabong at humithit ng apyan. Naninilaw, payat at nanlalalim at namumungay ang mga mata. Si Donya Victorina ay nagdagdag ng mga pustisong kulot sa kanyang pusod. Si Don Tiburcio ay inatasang magsawalang- kibo at hindi na pa muling makapanggagamot at madalas na walang ngipin. Si Linares ay matagal ng patay dahil sa sakit na iti at ito ay nakalibing sa libingan sa Paco. Ang Alperes na naging tinyenteng may gardong komandante ay umuwi na sa Espanya at iniwan ang asawang si Donya Concolacion na walang pinag- abalahan kung hindi

<p>maglasing, kinatakutan hindi lamang ng mga bata bagkus ng mga matatanda. Marahil ay may ilan pang buhay sa San Diego kung hindi ito napasama sa sumabog na Bapor Lipa. Walang balita tungkol kay Maria Clara at walang makapagsabi kung ano ang kinahinatnan ng sawimpalad na dalaga.</p>		
<p>3. Pananalitang Ginamit</p> <p>Ilan sa mga pananalitang ginamit ay ang mga sumusunod:</p> <p>“ Binata, hindi ka nagkakamali ngunit kailanman ay hindi ko naging matalik na kaibigan ang iyong ama.” sinabi ni Padre Damaso.</p> <p>Salamat at nakarating kayo nang maluwalhati sa sariling lupain. Nawa’y higit kayong maging mapalad kaysa sa inyong ama,” sabi ng Tinyente.</p> <p>“ Ako ba’y di mo nalimutan? Di mo ba ako nawaglit sa marami mong paglalakbay, sa maraming lungsod at nagagandahang babaing iyong nakilala?” wika ni Maria Clara.</p> <p>“Nakilala kayong mabuting ina ngunit ang mga bata ay nagmana sa kanilang ama, ang maliit kapag hindi pinag-iinagatan ay sasahol pa na higit pa sa ama,” ito ang patugon na sinabi ng kusinero.</p>	<p>Pormal ang pananalitang ginamit sa usapan na inilahad ng may- akda sa paraang dialogo subalit ang mga dialogo sa usapan ay inilahad ng may akda ng pasalaysay na may kasamang paglalarawan. Sa usapang, “ <i>Binata, hindi ka nagkakamali ngunit kailanman ay hindi ko naging matalik na kaibigan ang iyong ama.</i>” sinabi ni Padre Damaso. Ang pariralang matalik na kaibigan ay pormal na pananalita.</p> <p>Ang usapang, “Salamat at nakarating kayo nang maluwalhati sa sariling lupain. Nawa’y higit kayong maging mapalad kaysa sa inyong ama,” sabi ng Tinyente. Ito ay pananalitang pormal na ginamit sa usapan na inilahad ng may akda.</p> <p>Pormal ang usapan na ginamit ng may akda, “ <i>Ako ba’y di mo nalimutan? Di mo ba ako nawaglit sa marami mong paglalakbay, sa maraming lungsod at nagagandahang babaing iyong nakilala?</i>” wika ni Maria Clara.</p> <p>Inilahad ang usapan sa pormal na pananalitang ginamit ng may-akda, gaya ng, “<i>Nakilala kayong mabuting ina ngunit ang mga bata ay nagmana sa kanilang ama, ang maliit kapag hindi</i></p>	<p>Pormal ang pananalita na dinig na dinig sa bibig ng mga nagsasalita dahil sa sound effects, tulad ng mga sumusunod na: “<i>Binata, hindi ka nagkakamali ngunit kailanman ay hindi ko naging matalik na kaibigan ang iyong ama.</i>” sinabi ni Padre Damaso.</p> <p>Pormal ang pananalita na dinig na dinig sa bibig ng mga nagsasalita dahil sa sound effects, tulad ng “<i>Nawa’y higit kayong maging mapalad kaysa sa inyong ama,</i>”</p> <p>Pormal ang pananalita na dinig na dinig sa bibig ng mga nagsasalita dahil sa sound effects, tulad ng “ <i>Ako ba’y di mo nalimutan? Di mo ba ako nawaglit sa marami mong paglalakbay, sa maraming lungsod at nagagandahang babaing iyong nakilala?</i>”</p> <p>Ang pananalita ay pormal dahil naririnig at nauunawaan ng malinaw ang dialogo sa tulong ng sound effects, gaya ng “<i>Nakilala kayong mabuting ina ngunit ang mga bata ay nagmana sa kanilang ama, ang maliit kapag hindi pinag-iinagatan ay sasahol pa na higit pa sa ama,</i>” ito ang</p>

“ Maraming nagsasabi na naging mabuti na raw ang hantungan ng inyong ama, ang lawa na siya ang pusod ng bayan,” wika ng guro.

“ Sapagkat ang isinusulat ko ay para sa mga susunod na salinlahi ng ating lahi. Kung sa panahong ito nila mababasa ay susunugin lamang nila ang aking mga aklat samantalang ang mga susunod na salinkahi ay matatalino. Makakaunawa at mapapahlagahan ang kahulugan ng mga titik na ito. Masasabi nilang ‘ Di lahat ay natutulog sa gabi ang ating mga ninuno,” wika ni Pilosopo Tasyo.

” Bakit hindi po natin tularan ang rosas na hitik ng buko at bulaklak sa pagdaan ng hangin ay yumuyuko upang di mabali? Ang umiwas sa pagdaan ng punlo ay di karuwagan. Ang masama ay harapin ito upang mabuwal at di na muling magbangon.”wika ni Pilosopo Tasyo.

“ Sa paghuhugos ng unang bato, huwag kayong lalayo sa kura, huwag kayong lulusong sa hukay sapagkat lubhang mapanganib. “ nakilala ni Ibarra ang lalaking lumapit sa kanya, si Elias ang piloto.

“Nagtiis akong walang imik ngunit hinamak na naman niya ang kapita- pitagang alaala para sa lahat ng anak. Kayong mga naririto, nakita na ba ninyong hamakin ang pangalan ng iyong ama? Kayo ay hindi kumikibo? Samakatuwid ang taong ito’y binigyan ninyo ng sala!” Itinaas ni Ibarra ang kanyang bisig ngunit maliksing pumagitan si Maria Clara at pinigil ang nakaambag na bisig.

pinag-iinagatan ay sasahol pa na higit pa sa ama,” ito ang patugon na sinabi ng kusinero.

Ang usapang, “ *Maraming nagsasabi na naging mabuti na raw ang hantungan ng inyong ama, ang lawa na siya ang pusod ng bayan,*” , ang pariralang pusod ng bayan ay isang pormal na pananalita

Ang dialogo na, “*Masasabi nilang ‘ Di lahat ay natutulog sa gabi ang ating mga ninuno,*” wika ni Pilosopo. Ay matayutay na pagpapahayag ng may- akda.

Ang usapan na, ” *Bakit hindi po natin tularan ang rosas na hitik ng buko at bulaklak sa pagdaan ng hangin ay yumuyuko upang di mabali? Ang umiwas sa pagdaan ng punlo ay di karuwagan. Ang masama ay harapin ito upang mabuwal at di na muling magbangon.*”wika ni Pilosopo Tasyo. Ang pananalitang tularan ang rosas na hitik ng buko at bulaklak sa pagdaan ng hangin ay yumuyuko upang di mabali? Ang umiwas sa pagdaan ng punlo ay di karuwagan. Ang masama ay harapin ito upang mabuwal at di na muling magbangon. Ito ay matayutay na pananalita.

Pormal ang pananalitang ginamit ng paglalahad ng may-akda, Sa usapang, “ *Sa paghuhugos ng unang bato, huwag kayong lalayo sa kura, huwag kayong lulusong sa hukay sapagkat lubhang mapanganib.* “ nakilala ni Ibarra ang lalaking lumapit sa kanya, si Elias ang

patugon na sinabi ng kusinero.

Ang usapang ay pormal sapagkat nauunawaan nang malinaw ang dialogo dahil sa sound effects., tulad ng, “ *Maraming nagsasabi na naging mabuti na raw ang hantungan ng inyong ama, ang lawa na siya ang pusod ng bayan*” .

Matayutay ang pananalita na dinig na dinig sa bibig ng mga nagsasalita dahil sa sound effects, tulad ng “*Masasabi nilang ‘ Di lahat ay natutulog sa gabi ang ating mga ninuno.*”

Naririning ng malinan na malinaw dahil sa tulong ng sound effects. Ang pananalita ay matayutay, gaya ng, ” *Bakit hindi po natin tularan ang rosas na hitik ng buko at bulaklak sa pagdaan ng hangin ay yumuyuko upang di mabali? Ang umiwas sa pagdaan ng punlo ay di karuwagan. Ang masama ay harapin ito upang mabuwal at di na muling magbangon.*”wika ni Pilosopo Tasyo. Ang pananalitang tularan ang rosas na hitik ng buko at bulaklak sa pagdaan ng hangin ay yumuyuko upang di mabali? Ang umiwas sa pagdaan ng punlo ay di karuwagan. Ang masama ay harapin ito upang mabuwal at di na muling magbangon

Pormal ang usapan kaya malinaw na naiintindihan sa tulong ng sound effects. , “ *Sa paghuhugos ng unang bato, huwag kayong lalayo sa kura, huwag kayong lulusong sa hukay sapagkat lubhang mapanganib.*”

<p>“Sakaling alamin ng maykapangyarihan ang nangyari, ipinamamanhik kong ipaglihim kaninuman ang aking ibinulong sa inyo sa simbahan kanina. Ito ay para na rin sa inyong kapakanan,” wika ni Elias. “Sunugin ninyo ang lahat ng mga kasulatan na makapipinsala sa inyo at pumunta kayo sa pook na malayo sa panganib,” wika ni Elias.</p> <p>“Sapagkat natuklasan ko ngayon ang isang pag-aalsa at kayo ang pinagbibintangan na namuno sa pag-aalsang iyon,” wika ni Elias.</p> <p>” Isang pag-aalsa ang magaganap ngayong gabi. Sasalakayin ang kwartel at kumbento. Papatayin ng lahat ng Kastila,” wika ni Padre Salvi.</p> <p>“ Isinumpa ko sa bangkay ng aking ina na kita’y aking paliligayahin ano pa man mangyari. Maari kang magkulang sa iyong isinumpa sapagkat siya’y hindi mo ina; ngunit ako na kanyang anak ay nagpapahalaga sa kanyang alaala ay naparito upang tuparin ang aking isinumpa at makausap ka rin nang sarilinan. Hindi na tayo muling magkikita. Ikaw ay bata pa at baka sisihin ka balang araw ng iyong budhi. Naparito ako upang patawarin ka. Maging maligaya ka nawa at paalam,” wika ni Ibarra.</p> <p>“ Patawarin ako ng aking ina. Isang gabing nasa kasukdulan ang aking paghihirap ay ipinagtapat sa aking ng isang tao kung sino ang tunay kong ama. Ipinagbawal</p>	<p>piloto. Ang pariralang lubhang mapanganib ay pormal na pananalita.</p> <p>Pormal ang pananalitang ginamit ng paglalahad ng may-akda, Ang pormal na salita ay “<i>Nagtiis akong walang imik ngunit hinamak na naman niya ang kapita- pitagang alaala para sa lahat ng anak</i>”.</p> <p>Pormal na pananalita ang ginamit ng may-akda sa pagsasalaysay, Ang usapang, “<i>Sunugin ninyo ang lahat ng mga kasulatan na makapipinsala sa inyo at pumunta kayo sa pook na malayo sa panganib</i>” ay isang pormal na pananalita.</p> <p>Ang usapang, “<i>Sapagkat natuklasan ko ngayon ang isang pag-aalsa at kayo ang pinagbibintangan na namuno sa pag-aalsang iyon</i>” ay isang pormal na pananalita.</p> <p>Pormal na pananalita ang usapang, ” <i>Isang pag-aalsa ang magaganap ngayong gabi. Sasalakayin ang kwartel at kumbento. Papatayin ng lahat ng Kastila.</i>,”</p> <p>Pormal ang pananalitang ginamit sa usapang ipinahayag ng may- akda na “ <i>Isinumpa ko sa bangkay ng aking ina na kita’y aking paliligayahin ano pa man</i></p>	<p>Pormal ang usapan kaya malinaw na naiintindihan sa tulong ng sound effects. “<i>Nagtiis akong walang imik ngunit hinamak na naman niya ang kapita- pitagang alaala para sa lahat ng anak</i>”.</p> <p>Pormal ang usapan kaya malinaw na naiintindihan sa tulong ng sound effects ,ang usapang, “ <i>Sunugin ninyo ang lahat ng mga kasulatan na makapipinsala sa inyo at pumunta kayo sa pook na malayo sa panganib.</i></p> <p>Pormal ang usapan kaya malinaw na naiintindihan sa tulong ng sound effects ,ang usapang, “<i>Sapagkat natuklasan ko ngayon ang isang pag- aalsa at kayo ang pinagbibintangan na namuno sa pag- aalsang iyon</i>”.</p> <p>Pormal ang usapan kaya malinaw na naiintindihan sa tulong ng sound effects ,ang usapang, ” <i>Isang pag-aalsa ang magaganap ngayong gabi. Sasalakayin ang kwartel at kumbento. Papatayin ng lahat ng Kastila.</i>”</p> <p>Pormal ang pananalita na dinig na dinig sa bibig ng mga nagsasalita dahil sa sound effects, tulad ng ipinahayag ng may- akda na “ <i>Isinumpa ko sa bangkay ng aking ina na kita’y aking</i></p>
--	---	--

<p>na kita’y ibigin... maliban na lamang kung ang akin na ring ama ang magpapatawad sa iyo sa kalapastanganang ginawa mo sa kanya. Ipinagbabawal ng taong ito na nagtapat ng lihim na iyan ang pakikipag- isang dibdib sa iyo. Mapipilitan siyang ibunyag ang lihim kahit ito ay maging dahilan ng mga alingasngas sapagkat ang aking ama’ ay si....” At ibinulong sa binata ang pangalan. Ano ang gagawin ko? Dahil sa pag- ibig ay dapat ko bang iwaksi ang alaala ng aking ina, ang dangal ng aking ama sa turing at ang banal na pangalan ng aking tunay na ama?” wika ni Maria Clara.</p> <p>“ Diyos ko, ako ang paghigantihan ninyo at huwag ang walang malay kong anak,” sambit ni Padre Damaso.</p> <p>“ Mamamatay akong hindi man lamang nakita ang maningning na bukung liwayway ng aking bayan! Kayong makakakita, batiin ninyo siya at huwag kalimutan ang mga nalugmok sa dilim ng gabi! Pagkatapos si Elias ay napayukayok ang kanyang ulo at dahan- dahang bumagsak sa lupa.</p>	<p><i>mangyari.”</i></p> <p>Pormal ang pananalitang ginamit sa usapang ipinahayag ng may- akda na <i>“ Ipinagbawal na kita’y ibigin... maliban na lamang kung ang akin na ring ama ang magpapatawad sa iyo sa kalapastanganang ginawa mo sa kanya.”</i></p> <p>Pormal ang pananalitang ginamit sa usapang ipinahayag ng may- akda na <i>“ Diyos ko, ako ang paghigantihan ninyo at huwag ang walang malay kong anak”</i> ang pananalitang huwag ang walang malay kong anak ay isa pormal na pananalita.</p> <p><i>Sa usapang, “ Mamamatay akong hindi man lamang nakita ang maningning na bukung liwayway ng aking bayan! Ay isang pormal na pananalita na ginamit ng may akda.</i></p>	<p><i>paliligayahin ano pa man mangyari.”</i></p> <p>Pormal ang pananalita na dinig na dinig sa bibig ng mga nagsasalita dahil sa sound effects, tulad ng ipinahayag ng may- akda na <i>“Ipinagbawal na kita’y ibigin... maliban na lamang kung ang akin na ring ama ang magpapatawad sa iyo sa kalapastanganang ginawa mo sa kanya.”</i></p> <p>Pormal ang usapan kaya malinaw na naiintindihan sa tulong ng sound effects ,ang usapang, <i>“ Diyos ko, ako ang paghigantihan ninyo at huwag ang walang malay kong anak”</i> ang pananalitang huwag ang walang malay kong anak.”</p> <p>Pormal ang pananalita na dinig na dinig sa bibig ng mga nagsasalita dahil sa sound effects, tulad ng usapang, <i>“ Mamamatay akong hindi man lamang nakita ang maningning na bukung liwayway ng aking bayan!</i></p>
<p>4. Paglalarawan ng Tauhan</p> <p>Crisostomo Ibarra</p>	<p>Tahasan ang paglalarawan dahil isa- isang inihayag ng manunulat ang katangian ni <i>Crisostomo Ibarra tulad ng mayamang kapitalista, mabuting tao.</i></p>	<p>Di- tahasan ang paglalarawan dahil ang katangian ng <i>tauhan ay nakikita mismo sa sariling pananalita, pagkilos at pisikal na itsura. Sinasabi rin ng ibang tauhan ang katangian. Kitang-</i></p>

		<p><i>kita kay Ibarra ang pagiging mabuting tao ay mayaman nito.</i></p>
<p>Maria Clara</p>	<p>Ang paglalarawan ay tahasan na inilalahad ng may- akda ang katangian ni <i>Maria Clara</i>, gaya ng <i>maganda, mabait at mabuting anak dahil ang may-akda mismo ang nagbigay deskripsyon.</i></p>	<p>Di- tahasan ang paglalarawan kay <i>Maria Clara</i> dahil <i>sinanasabi ng Ibang tauhan ang taglay niyang katangian gaya ng pagiging mabait at maganda.</i></p>
<p>Kapitan Tiago</p>	<p>Tahasan ang paglalarawan dahil si <i>Kapitan Tiago</i> ay isang ginoong may kapandakan, kayumanggi ang kulay, bilugan ang mukha at may kaunting katabaan, na dulot ng langit ayon sa kanyang mga kaibigan samantalang ito raw ay “ buhat sa dugo” ng mahihirap ayon ng kanyang mga kalaban. Siya ay isa sa pinakamayaman sa Binundok dahil sa kanyang mga ari- arian at negosyo.</p>	<p>Ang paglalarawan kay <i>Kapitan Tiago</i> ay di – tahasan dahil nakikita mismo sa pisikal na isang ginoong may kapandakan, kayumanggi ang kulay, bilugan ang mukha at may kaunting katabaan.</p>
<p>Elias</p>	<p>Ang pagkalahad ay tahasan sapagkat inihahayag ng may- akda ang katangian ni <i>Elias</i> na binata na may matikas na anyo, matipunong pangangatawan, maitim, mahaba ang buhok at sa damit niyang kamisatsino ay maaaninag ang mga siksik na laman ng kanyang bisig.</p>	<p>Ang paglalarawan kay <i>Elias</i> ay di - tahasan dahil siya ay binata na may matikas na anyo, matipunong pangangatawan, maitim, mahaba ang buhok at sa damit niyang kamisatsino ay maaaninag ang mga siksik na laman ng kanyang bisig.</p>
<p>Padre Damaso</p>	<p>Tahasan ang paglalarawan ng may- akda dahil inilarawan si <i>Padre Damaso</i> ay isang paring Dominikano na umalipusta sa pakatao at kakayahan ni <i>Ibarra</i>.</p>	<p>Ang paglalarawan kay <i>Padre Damaso</i> ay di – tahasan dahil nakikita mismo sa kanyang pagkatao na siya ay isang paring Dominikano na umalipusta sa pakatao at kakayahan ni <i>Ibarra</i>.</p>
<p>Padre Salvi</p>	<p>Tahasan ang paglalarawan ng may- akda dahil inilarawan si <i>Padre Salvi</i> isang paring Pransiskano na may lihim na pagtingin kay <i>Maria Clara</i> at palihim na nagtraydor kay <i>Ibarra</i>.</p>	<p>Ang paglalarawan kay <i>Padre Salvi</i> ay di- tahasan dahil makikita sa kanyang kilos na siya ay na may lihim na pagtingin kay <i>Maria Clara</i> at palihim na nagtraydor kay <i>Ibarra</i>.</p>
<p>Don Anastacio o ang Pilosopo</p>	<p>Ang paglalarawan ay tahasan na inilalahad ng may- akda ang katangian ni <i>Pilosopo Tasyo</i> sa mga taong may pinag- aralan at <i>Tasyo</i> ang baliw sa maga karaniwang tao.</p>	<p>Di- tahasan ang paglalarawan kay <i>Pilosopo Tasyo</i> dahil nakikita kung paano makitungo sa kanya ang mga tao gaya ng mga taong may pinag- aralan at <i>Tasyo</i> ang baliw sa maga karaniwang tao.</p>
<p>Tinyente Guevarra</p>		<p>Ang paglalarawan kay <i>Tinyente Guevarra</i> ay di- tahasan</p>

<p>Basilio at Crispin</p>	<p>Tahasan ang paglalarawan ng may- akda dahil inilarawan si <i>Tinyente Guevarra isang matapat na tinyente ng gwardiya sibil na nagsalaysay kay Ibarra hinggil sa nangyari sa ama nito.</i></p>	<p><i>dahil makikita sa kanyang kilos na siya ay isang matapat na tinyente ng gwardiya sibil na nagsalaysay kay Ibarra hinggil sa nangyari sa ama nito.</i></p>
<p>Sisa</p>	<p>Tahasan ang paglalarawan ng may- akda dahil inilarawan kina <i>Basilio at Crispin ay mga anak ni si Sisa, kakikitan ng kahirapan sapagkat ang suot na damit ay pulos sulsi at tagpi.</i></p>	<p>Ang paglalarawan kina <i>Basilio at Crispin ay di- tahasan dahil nakikita sa kanilang kilos na sila ay kakikitaan ng kahirapan sapagkat ang suot na damit ay pulos sulsi at tagpi.</i></p>
<p>Donya Victorina</p>	<p>Ang paglalarawan ay tahasan na inilalahad ng may- akda ang katangian ni <i>Sisa ay isang mabuting may bahay na kilalang isang mabuti, mapagmahal na ina sa kanyang mga anak.</i></p>	<p>Ang paglalarawan kay <i>Sisa ay di- tahasan dahil nakikita sa kanya ang isang mabuting may bahay na kilalang isang mabuti, mapagmahal na ina sa kanyang mga anak.</i></p>
<p>Don Tiburcio de Espadaña</p>	<p>Ang paglalarawan ay tahasan na inilalahad ng may- akda ang katangian ni <i>Pedro na bana ni Sisa ay isang sugarol, irresponsable at mapagpabayang bana at magulang.</i></p>	<p>Di- tahasan ang paglalarawan kay <i>Donya Victorina dahil nakikita sa kanya na siya” ay isang sugarol, irresponsable at mapagpabayang bana at magulang.</i></p>
<p>Tiya Isabel</p>	<p>Ang paglalarawan ay tahasan na inilalahad ng may- akda ang katangian ni <i>Donya Victorina ay isang ginang na may apatnapung limang taong gulang ngunit nagpapanggap na tatlumpu’t limang taong gulang lamang.</i></p>	<p>Di- tahasan ang paglalarawan kay <i>Donya Victorina sapagkat nakikita sa kanyang pagkatao na siya ay isang ginang na may apatnapung limang taong gulang ngunit nagpapanggap na tatlumpu’t limang taong gulang lamang. Siya ang nag- aakalang ubod ng ganda.</i></p>
<p>Iday, Sinang , Victioria at Andeng</p>	<p>Ang paglalarawan ay tahasan na inilalahad ng may- akda ang katangian ni <i>Don Tiburcio de Espadaña ay isang pobreng kastilang taga- Extremadura na napadpad sa pulo ng Luzon.</i></p>	<p>Ang paglalarawan kay <i>Don Tiburcio ay di- tahasan dahil nakikita sa kanya na bagamat tatlumpu’t limang taong gulang lamang ito ay mukha pang mas matanda kay Donya Victorina.</i></p>
<p>Iday, Sinang , Victioria at Andeng</p>	<p>Tahasan ang paglalarawan ng may- akda dahil inilarawan kay <i>Tiya Isabel nag- aruga at nagpalaki kay Maria Clara na laging nakaagapay sa dalaga.</i></p>	<p>Ang paglalarawan kay <i>Tiya Isabel ay di- tahasan sapagkat nakikita sa kanyang kilos na siya ang laging nakaagapay kay Maria Clara.</i></p>
<p>Iday, Sinang , Victioria at Andeng</p>	<p>Ang paglalarawan ay tahasan na inilalahad ng may- akda ang katangian kina <i>Iday, Sinang , Victioria at Andeng mga matatalik na kaibigan ni Maria Clara.</i></p>	<p>Di- tahasan ang paglalarawan kina <i>Iday, Sinang , Victioria at Andeng na nakikita na sila ang mga matatalik na kaibigan ni Maria Clara.</i></p>
<p>5. Pagpapalutang ng</p>		

Emosyon		
<p>(Ilan sa mga pahayag na nagpapalutang emosyon.)</p> <p>“ Baka hindi ninyo nalalaman na kinatawan ng Heneral ang Hari,” sabi ni Tinyente Guevarra na nangingit sa galit.</p> <p>“ Aba, Sila ang kura ng aming bayan, ang matalik na kaibigan ng aking ama”, wika ni Ibarra na may ngiti.</p> <p>“ Ako ba’y di mo nalimutan? Di mo ba ako nawaglit sa marami mong paglalakbay, sa maraming lungsod at nagagandahang babaing iyong nakilala?” wika ni Maria Clara na nagseselos</p> <p>“Nakilala kayong mabuting ina ngunit ang mga bata ay nagmana sa kanilang ama, ang maliit kapag hindi pinag-iingatan ay sasahol pa na higit pa sa ama,” ito ang patugon na sinabi ng kusinero na nangungutya.</p> <p>“ Siya’y pinakaiwasan ko ngunit ngayo’y nagkatagpo kami sa kalooban ng Diyos. Mayroon ba sa inyo ang hindi nagmahal sa kanyang ama? Marahil ay hindi mo nauunawan ang kahalagahan ng isang ama. Dapat mo man lamang naisip ang iyong sariling ama. Makinig kayo, mga pari at hukom. Ang aking ama ay marangal na tao. Siya’y isang mabuting kristiyano. Madalas</p>	<p>Pagsasalaysay pa rin ang paraan. Ang salitang galit ang tuwirang nagsasabi sa emosyong isinasaad ng tauhan. May ilang emosyon na tuwirang nagsasabi sa mambabasa, tulad ng usapang, “ <i>Baka hindi ninyo nalalaman na kinatawan ng Heneral ang Hari,</i>” sabi ni Tinyente Guevarra na nangingit sa galit.</p> <p>Sa pagpapahayag ng may-akda ng salitang ngiti ay nagsasaad lamang na ang nagsasalita ay masaya, tulad ng usapang, “ <i>Aba, Sila ang kura ng aming bayan, ang matalik na kaibigan ng aking ama</i>”, wika ni Ibarra na may ngiti.</p> <p>Sa usapang, “ <i>Ako ba’y di mo nalimutan? Di mo ba ako nawaglit sa marami mong paglalakbay, sa maraming lungsod at nagagandahang babaing iyong nakilala?</i>” wika ni Maria Clara na nagseselos. Ang salitang nagseselos ay nagpapahayag ng damdamin.</p> <p>Sa dialogo na ginamit ng may-akda, sa usapang, “<i>Nakilala kayong mabuting ina ngunit ang mga bata ay nagmana sa kanilang ama, ang maliit kapag hindi pinag-iingatan ay sasahol pa na higit pa sa ama,</i>” ito ang patugon na sinabi ng kuinero na nangungutya. Ang salitang nangungutya na inilarawan sa kaasalan ng tauhan ay nagpapahayag ng emosyon.</p> <p>Sa pahayag na, “ <i>Siya’y pinakaiwasan ko ngunit ngayo’y nagkatagpo kami sa kalooban ng Diyos.</i>” Sabi ni Ibarra na nangingingit sa galit na may na may nakaambang kutsilyo ay nagpapamalas laman ng matinding emosyon.</p>	<p>Sa pelikula, ang emosyong nais palutangin ay agad-agad nakukuha ng manonood dahil sabay- sabay na pinag-uugnay ang ang kilos, ang aksyon, ang boses at iba pa. Halimbawa na lamang kay Tinyente Guevarra na nangingingit sa galit dahil dinig ang boses, kita ang kilos at malinaw ang mga pangyayari gayundin ang ekspresyon ng mukha.</p> <p>Sa usapan na, “ <i>Aba, Sila ang kura ng aming bayan, ang matalik na kaibigan ng aking ama</i>”, wika ni Ibarra na may ngiti. Nakikita ang kaligayahan ng tauhan dahil kitang- kita sa ekspresyon ng mukha at kilos gayundin ang boses kaya madaling nauunawaan ng manonood ang emosyon.</p> <p>Sa pananalita at kilos na ipinahahayag ni <i>Maria Clara ay malinaw na malinaw na ipinakikita na ang dalaga ay nagseselos</i>, tulad ng paggamit ng pariralang nagagandahang babaing iyong nakilala, ekspresyon ng mukha.</p> <p>Sa kusinerong nangungutya ay mapupuna na ang boses, kilos at ekspresyon ng mukha batay sa sitwasyon ay naglalahad ng emosyon.</p> <p>Kakikitaan agad sa pelikula ang emosyon, tulad ng si Ibarra ay galit na galit, sa pamamagitan ng kanyang kilos, pagtaas ng boses at itsura ng mukha ay mauunawaan agad ng manonood ang damdamin na na nangingibabaw.</p>

siyang gumagawa ng kabutihan at di nang- aapi sa walang kaya. Malugod niyang tinaggap ang paring ito sa kanyang tahanan, pinakain at itinuring na kaibigan. Ano ang iginanti nito? Siniraan niya ang aking ama at ginamit niya ang kanyang kapangyarihan ng kanyang pagkapari. Nilapastangan ang kanyang libingan. At di pa nasisiyahan at ngayo'y pinag-uusig pa ang anak na ito. Kaninang umaga hinamak ako sa pulpito. At ngayo'y kusang nagsadya upang ako ay ligaligin. Nagtiis akong walang imik ngunit hinamak na naman niya ang kapita- pitagang alaala para sa lahat ng anak. Kayong mga naririto, nakita na ba ninyong hamakin ang pangalan ng iyong ama? Kayo ay hindi kumikibo? Samakatuwid ang taong ito'y binigyan ninyo ng sala!" Itinaas ni Ibarra ang kanyang bisig na nagngingitngit sa galit ngunit maliksing na may hawak na kutsilyo pumagitan si Maria Clara at pinigil ang nakaambag na bisig.

"Siya ang tampalasan nagbintang sa aking nunong lalaki at naging sanhi ng lahat ng aming kasawian., " ang galit na galit na wika ni Elias.

" Isinumpa ko sa bangkay ng aking ina na kita'y aking paliligayahin ano pa man mangyari. Maari kang magkulang sa iyong isinumpa sapagkat siya'y hindi mo ina; ngunit ako na kanyang anak ay nagpapahalaga sa kanyang alaala ay naparito upang tuparin ang aking isinumpa at makausap ka rin nang sarilinan," wika ni Ibarra na may pagmamahal.

" Mamamatay akong hindi man lamang nakita ang maningning na bukang liwayway ng aking bayan! Kayong makakakita, batiin ninyo siya at huwag

Sa pagsasalaysay ng may-akda sat tulong ng pahayag at larawang salita ay nagsasaad ng emosyon, tulad ng usapang "*Siya ang tampalasan nagbintang sa aking nunong lalaki at naging sanhi ng lahat ng aming kasawian.*," " ang galit na galit na wika ni Elias. Ang salitang galit na galit ay nagpapamalas ng matinding emosyon.

Sa pahayag na, "*Isinumpa ko sa bangkay ng aking ina na kita'y aking paliligayahin ano pa man mangyari.*," wika ni Ibarra na may pagmamahal. Ang salitang pagmamahal ay ang larawang salita na nagsasaad ng emosyon.

Sa usapang, "*Mamamatay akong hindi man lamang nakita ang maningning na bukang liwayway ng aking bayan! Kayong makakakita, batiin ninyo siya at huwag kalimutan ang mga nalugmok sa dilim ng gabi! Pagkatapos si Elias ay napayukayok ang kanyang ulo at dahan- dahang bumagsak sa*

Kakikitaan agad sa pelikula ang emosyon, tulad din kay Elias na galit na galit, sa pamamagitan ng kanyang kilos, pagtaas ng boses at itsura ng mukha ay mauunawaan agan ng manonood ang damdamin na na nangingibabaw na batay sa pangyayari.

Sa tulong ng biswal t sound effects, nakikita ang akting, ekspresyon ng mukha at naririnig ang boses, sa pagsasalita ng mahinahon ay naiintindihan ng manonood na ang emosyon na nangingibabaw ay may pagmamahal ayon sa daloy ng pangyayari.

Sa pelikula nakikita ang kilos at naririnig ang mga pahayag, tulad ng nangyari kay Elias na matapos magsalita ito ay napayukayok ang kanyang ulo at dahan- dahang bumagsak sa lupa ito ay nagbibigay unawa sa manonood ng kawalan ng pag-asa o di kaya ay kalungkutan.

<p>kalimutan ang mga nalugmok sa dilim ng gabi! Pagkatapos si Elias ay napayukayok ang kanyang ulo at dahan-dahang bumagsak sa lupa.</p>	<p><i>lupa.</i> Ang salitang napayukayok ang kanyang ulo at dahan-dahang bumagsak sa lupa ay naglalarawan ng emosyon ng kawalan ng pag-asa.</p>	
<p>6. Wakas</p> <p>(Ilan sa mahahalagang pangyayari ay ang sumusunod:)</p> <p>Matapos na maganap na pag-aalsa ay maraming taong nasawi. Namatay si Pedro na asawa ni Sisa. Gayun din si Bruno na kapatid ni Tarsilo at si Lucas na may tali pa sa leeg habang si Tarsilo ay namatay bunga ng pagpapahjrap ng Alperes sapagkat nahuli ito na kasangkot sa ginawang pag-aalsa. Ang matandang Pilosopo Tasyo na mahina na bunga ng karamdaman nito at ang bangkay ay natagpuan sa pintuan ng bahay nito. Si Sisa ay namatay rin matapos na manumbalik sa pagkabalih ngunit bago man ito pumanaw ay nakilala niya ang anak na si Basilio. Si Elias ay nasawi rin bunga ng habulan sa lawa dahil natamaan ito nang mabaril ng mga gwardiya sibil ngunit ito ay umabot pa sa lupain ng mga Ibarra at doon siya ay namatay at sinunog kasama ang bangkay ni Sisa. Si Maria Clara naman ay nagmongha at matapos si Padre Damaso ay bumalik na sa Maynila upang doon na ito manirahan ngunit ng ito ay inilipat sa Padre Provincial, isang umaga ay natagpuan na lamang itong patay na sa kanyang higaan na ayon sa doktor na tumingin ay bunga nang malaking sama ng loob. Si Padre Salvi ay bumalik na rin sa Maynila having hinihintay ang gantimpalang mitra, mayroon din siyang mahalagang tungkulin sa Sta. Clara. Si Tiya Isabel naman ay pinabalik ni Kapitan Tiyago sa San Diego sapagkat nais niyang mapag-isa. Magbuhat na nagmongha si Maria Clara ay nakaramdam na nang panghihina ng katawan si Kapitan Tiyago, namayat, naging</p>	<p>Sa pamamagitan ng paglalarawan ng may-akda ay nabatid na naging mapait ang wakas na naganap sa mga tauhan. Isa-isa niyang isinalaysay ang huling kaganapan sa nobela. Ang balangkas ng mga pagsulong ng mga pangyayari ay tumuturo sa kaisahang ibig mangyari ng may-akda.</p>	<p><i>Kitang-kita at naririnig sa pelikula ang mga huling pangyayari sa mga kasawian ng mga tauhan na malinaw na mapapanood dahil sa mga makatunay na kaganapan bunga ng tungkol sa acting, lighting, costume at make-up.</i></p>

<p>malulungkutin at mapag- isip. At wala siyang inatupag kundi ang maglaro ng liam- po, magsabong at humithit ng apyan. Si Donya Victorina naman ay nagdagdag ng pustisong kulot sa kanyang pusod at kinawilihan niya ang pangungutsero ng kanyang karwahe habang si Don Tiburcio ay inatasang magsawalang- kibo at di na pa nakapanggamot at laging inaalisan ng pustiso. Si Linares ay matagal ng patay dahil sa sakit na iti. Ang labi nito ay nakalibing sa sementeryo sa Paco. Ang Alperes na isa ng tinyente ay bumalik na sa Espanya at iniwan ang asawang si Donya Consolacion. Ang Donya ay di lamang kinatakutan ng mga bata bagkus ng mga matatandang babae, ito ay laging lasing at humihithit ng tabako. Maraming mga taga- San Diego ang namatay nang pumutok ang Bapor Lipa ngunit marahil ay may ilan pa ring buhay. Wala ring balita tungkol kay Maria Clara maliban sa pag- aakalang siya ay patay na. Ngunit wala pa ring makapagsabi sa naging kasawian ng dalaga.</p>		
--	--	--

Paraan ng Pagkalahad

Panimula

Sa **nobela** deskriptibo o paglalarawan ang ginamit sa paglalahad ng simula. Sa tulong ng mga malarawang mga salita tulad ng *maliwanag na maliwanag ang tahanan, kalansing ng pinggan, halakhakan, tugtog ng orkestra, palakad- lakad*, lumilikha sa imahinasyon ng mambabasa ang larawan ng mga bagay at tauhang ikinukwento at inilalarawan ng may- akda. Sa **pelikula** ay malinaw na malinaw na makikita ang ginawang paglalarawan ng may- akda sa tulong ng magandang iskrip, malinaw na tunog at kagamitang biswal. Kitang- kita ng manonood ng pelikula *ang maliwanag na maliwanag na tahanan ni Don Santiago at ang palakad- lakad na mga panauhin. Dinig na dinig din ang kalansing ng mga pinggan at kubyertos at ang tugtog ng orkestra at ang mga tawanan ng mga tao, makulay na pananamit ng mga panauhin at ang palibot ng tahanan.*

Pagsulong ng mga Pangyayari

Sa **nobela** ay dekritibo o palarawan at pasalaysay sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang paglalarawan at pagkilos ng mga tauhan ay malinaw na nailalahad ang kaisipan na nais ipabatid ng nobela gayundin ang papel na ginagampanan ng bawat tauhan. **Ang pelikula**, sa pagsulong ng pangyayari ay inilalahad ng direktor na ang usapan, kilos, tunog, anyo ng mga tauhan, bagay at paligid ay malinaw na mauunawaan at nakikita ng manonood dahil sa inilalahad ito sa tulong ng awdyo at biswal na kagamitan. Ginamitan ng mga kagamitang biswal at sound effects sa pagbunyag ng sitwasyon o mga pangyayari. *Ang pananamit ng bawat tauhan ay naaayon sa panahon ng pagkakaganap at naaayon sa kanilang mga karakter.*

Pananalitang Ginamit

Sa **nobela** ay inilalahad sa paraang Pormal ang pananalitang ginamit sa usapan na inilalahad ng may- akda sa paraang dialogo subalit ang mga dialogo sa usapan ay inilalahad ng may akda ng pasalaysay na may kasamang paglalarawan. Sa usapang, “*Binata, hindi ka nagkakamali ngunit kailanman ay hindi ko naging matalik na kaibigan ang iyong ama.*” sinabi ni Padre Damaso. Ang pariralang matalik na kaibigan ay pormal na pananalita. Ang usapang, “*Salamat at nakarating kayo nang maluwalhati sa sariling lupain. Nawa’y higit kayong maging mapalad kaysa sa inyong ama,*” sabi ng Tinyente. Ito ay pananalitang pormal na ginamit sa usapan na inilalahad

ng may akda. **Sa pelikula ang pananalitang ginamit** ay pormal ang pananalita na dinig na dinig sa bibig ng mga nagsasalita dahil sa sound effects, tulad ng mga sumusunod na: *“Binata, hindi ka nagkakamali ngunit kailanman ay hindi ko naging matalik na kaibigan ang iyong ama.”* sinabi ni Padre Damaso. Pormal ang pananalita na dinig na dinig sa bibig ng mga nagsasalita dahil sa sound effects, tulad ng *“Nawa’y higit kayong maging mapalad kaysa sa inyong ama,”* Kaya sa tulong ng sound effects ay malinaw na ipinapabatid ang pahayag ng mga tauhan kung kaya malinaw na malinaw ang kasipan sa pelikula.

Paglalarawan ng tauhan

Sa nobela ay tahasan ang paglalarawan dahil isa- isang inihayag ng manunulat ang katangian ng bawat tauhan sa nobela kung kaya mahusay na nagampanan ng bawat tauhan sa akda. **Sa pelikula** ay inilalahad ang paglalarawan sa tauhan sa pamamagitan ng di- tahasan ang paglalarawan dahil ang katangian ng *tauhan ay nakikita mismo sa sariling pananalita, pagkilos at pisikal na itsura. Sinasabi rin ng bawat tauhan ang katangian na kitang- kita sa mga tauhan*

Pagpapalutang ng Emosyon

Sa nobela ay pagsasalaysay pa rin ang paraan. Ang salitang galit ang tuwirang nagsasabi sa emosyong isinasaad ng tauhan. May ilang emosyon na tuwirang nagsasabi sa mambabasa, tulad ng usapang, *“Baka hindi ninyo nalalaman na kinatawan ng Heneral ang Hari,”* sabi ni Tynyente Guevarra na nangingit sa galit. Sa pagpapahayag ng may- akda ng salitang ngiti ay nagsasaad lamang na ang nagsasalita ay masaya, tulad ng usapang, *“Aba, Sila ang kura ng aming bayan, ang matalik na kaibigan ng aking ama”*, wika ni Ibarra na may ngiti. Sa usapang, *“Ako ba’y di mo nalimutan? Di mo ba ako nawaglit sa marami mong paglalakbay, sa maraming lungsod at nagagandahang babaing iyong nakilala?”* wika ni Maria Clara na nagseselos. Ang salitang nagseselos ay nagpapahayag ng damdamin. Ang mga pahayag ay ilan lamang sa mga emosyon na ipinakit ng bawat tauhan.

Sa pelikula naman ay inilalahad ang pagpapalutang ng emosyon ay agad-agad nakukuha ng manonood dahil sabay- sabay na pinag-uugnay ang ang kilos, ang aksyon, ang boses at iba pa. Halimbawa na lamang kay Tynyente Guevarra na nangingingit sa galit dahil dinig ang boses, kita ang kilos at malinaw ang mga pangyayari gayundin ang ekspresyon ng mukha. Sa usapan na, *“Aba, Sila ang kura ng aming bayan, ang matalik na kaibigan ng aking ama”*, wika ni Ibarra na may ngiti. Nakikita ang kaligayahan ng tauhan dahil kitang- kita sa ekspresyon ng mukha at kilos gayundin ang boses kaya madaling nauunawaan ng manonood ang emosyon. Sa pananalita at kilos na ipinahayag ni *Maria Clara ay malinaw na malinaw na ipinakikita na ang dalaga ay nagseselos*, tulad ng paggamit ng pariralang nagagandahang babaing iyong nakilala, ekspresyon ng mukha

Wakas

Sa nobela ay sa pamamagitan ng paglalarawan ng may- akda ay nabatid na naging mapait ang wakas na naganap sa mga tauhan. *Isa- isa niyang isinalaysay ang huling kaganapan sa nobela. Ang balangkas ng mga pagsulong ng mga pangyayari ay tumuturo sa kaisahang ibig mangyari ng may- akda. Sa pelikula* naman ay inilalahad sa pamamagitan na *kitang-kita at naririnig sa pelikula ang mga huling pangyayari sa mga kasawian ng mga tauhan na malinaw na mapapanood dahil sa mga makatunay na kaganapan bunga ng tungkol sa acting, lighting, costume at make- up.*

Natuklasan

Sa paraan ng paglalahad ng simula, pagsulong ng mga pangyayari, uri ng pananalitang ginamit, paglalarawan sa tauhan, pagpapalutang ng emosyon at wakas, natuklasan na sa nobela ay pawang pagsasalaysay at paglalarawan ang ginamit ng may- akda sa tulong ng mga malarawan at matayutay na mga salita at parirala. Sa pelikula malaking papel ang ginagampanan ng kagamitang biswal at sound effects na ginamit ng direktor ng pelikula.

Malaki ang pagkakaiba ng nobela at pelikula. Sa pagkalahad ng nobelang pawang pagsasalaysay at paglalarawan lamang ang paraan ng may akda. Malaki ang naitulong ng malarawang salita at parirala para mailahad ang anim na katangian sa nobela habang ang pelikula; pinatingkad ang mga pangyayari, makatunay ang mga kilos, usapan at katangian ng mga tauhan sa tulong ng produksyon, direksyon at sinematopograpiya.

Kongklusyon

Ang nobela at pelikula ay punung- puno ng mga kaalaman na maaaring batayan sa pagnunuring pampanitikan. Sa pagsusuri, nakatitiyak ang mambabasa o manonood ng makatarungang paghatol. Ayon nga kay Belvez (1991) upang ganap na maunawaan ang isang akda, at maunawaan ang tamis ng katas ng likhang sining na ito na dapat suriin na ginagamitan ng angkop na teorya, pananaw at pagdulog. Dagdag pa rin ni Reyes (1996), ang pelikula ay may pinakamalawak na impluwensiya sa publiko sapagkat naipapakita nito nang malinaw at tiyak ang kaisipan, damdamin at sitwasyon na umiinog sa mga pangyayari.

Mga Rekomensyon

A. Batay sa mga natuklasan, kongklusyon at implikasyon napagpasyahan ng mananaliksik ang sumusunod na mungkahing:

1. Ang mga mag- aaral ay dapat na ganyakin sa pagbabasa at panonood ng mga akdang pampanitikan upang umunlad ang kasanayan sa pag- unawa, pagmamamid at paghuhusga.

2. Gumamit ng iba't ibang paran ang guro sa pagbibigay ng mga kasanayan upang magdulot ng kawilihan sa mga mag- aral na susukat sa kakayahan.
 3. Magtayo ng mga reading center o kaya ay maglagay ng mga babasahin sa loob ng silid upang ang mga mag- aral ay maganyak na magbasa.
 4. Gawing lunsaran ang iba pang akdang pampanitikan upang lalong mapaunlad at gayundin ang pangwika.
- B. Para sa gagawa ng mga kaugnay na pag- aral, inirerekomenda ang sumusunod:
1. Sosyolohikal na Pagsusuri ng Nobelang Noli Me Tangere
 2. Morpho- Analisis ng Nobela at Pelikulang “ Jose Rizal”
 3. Panlipunang Aspekto ng “ Noli Me Tangere”; Isang Analisis
 4. Analisis ng mga Piling Salita sa Noli Me Tangere

Mga Sanggunian

- [1]. Alegre, Ediberto N. *Pinoy na Pinoy! Essays on National Culture*. Pasig, Metro Manila, Philippines: Anvil Publishing, Inc.1994.
- [2]. Arrogante, JoseA. *Mapanuring Pag- aaral ng Panitikang Filipino*.Manila,Philippines: National Book Store, Inc.1991.
- [3]. Buensuceso, Teresita S. at Pe,Josefina L. *Jose Rizal: Tanglaw ng Kabataan*. U.S.T. Publishing House.1987.
- [4]. Carpio, Rustica. *Ang Panitikang Pilipino: Mga Problema at Solusyon*. Quezon City, Philipines. National Book Store.1991.
- [5]. Conder, Pit S. *Error Analysis and Interlanguage*. Oxford: Oxford University.1981.
- [6]. Glinofria Maurita at Jamero, Dolores F. *Noli Me Tangere (Batay Sa Basic Education Curriculum)*.Quezon City, Philippines: Saint Bernadette Publications, Inc.2003.
- [7]. Gonzales, Lydia F.et. al.*Panitikan sa Filipino (Pandalubhasaan)*. Quezon City, Philippines. Rex Book Store Inc.1882.
- [8]. Landy, Alice S.*The Health Introduction To Literature*.
- [9]. Toronto: D.C.Health and Co., Lexington, Massachusetta.1984.
- [10]. Leyson, Lededica D. at Montera, Godfrey G. *Malikhaing Pagsulat*. Cebu City, Philippines: Cebu Normal University.2005.
- [11]. Lee, Ricky. *Script Writing Manual trip to Quiapo*. Quezon City, Philippines: Bagong Likha Publishing.2001.
- [12]. Lumbera,Bienvenido.*Revelation:Essays on Philippine Literaturure, Cinema and Popular Culture*. Manila, Philippines: University of Sant TomasPublishing House.1997.
- [13]. Magno, Orlando B. *Pagbasa at Pagsulat ng Iba't Ibang Disiplina*. Cebu City, Philippines: RDC Educational Services.1997.
- [14]. Nicasio, Paz N. et. al. *Sariling Panitikan*. Manila, Philippines: Rex Book Store.1985.
- [15]. PanganibanVilla J. et. al. *Panitikan ng Pilipinas Binagong Edisyon*.Manila, Philippines. Rex Book Store.1992.
- [16]. Ramos, Maria, et.al. *Panitikang Pilipino*. Quezon City, Philippines: Katha Publishing.1980.
- [17]. Reyes Manny. *Malikhaing Pelikula*. Makati, Philippines: Media Plus.1991.
- [18]. Rivera, Crisanto C. *Rizal- Ang Bayani*. Metro Manila, Philippines: Mi & L Licudine Enterprises.1975.
- [19]. Santiago, Erlinda M. et. al. *Panitikang Filipino, Kasaysayan at Pag- unlad Pangkolehiyo*. Quezon City.Philippines: Rex Book Store, Inc.1989.
- [20]. Tumangan, Alcomtiser, Sr. P.et. al.*Panitikan ng Pilipinas Para sa Kolehiyo*. Quezon City, Philippines: National Book Store, Inc.1990.
- [21]. Tumangan, Alcomtiser, Sr. P. et. al. *Sining ng Pakikipagtalastasan*. Manila, Philippines: Rex Book Store, Inc.1986.
- [22]. Villafuerte, Patrocinio V. *Panunuring Pampanitikan (Teorya at Pagsasanay)*. Valenzuela City. Philippines: Mutya Publishing House.2000.